# Ang Iglesya At Ang Kalagayan Nito

Napakabihirang sakit ng isang bata ang higit sa lahat na aalalahanin natin sa panalangin ngayong umaga, kaya gusto talaga nating ipanalangin iyon. Ni hindi nga alam ng mga doktor. Binigyan nila iyon ng kung anong katawagan, pero sa palagay ko'y gumawa lang sila ng isa para itawag dito, sila—hindi nila alam kung ano iyon. At, subalit alam ni Cristo kung ano ito. Masasabi ko sa inyo kung ano ito, isa itong diablo, tama nga, ang Diablo. Kung ano mang pangalan ang gusto nilang ibigay dito, aba, nasasa kanila na 'yon. Ngunit ganoon nga siya, kita n'yo, isang masamang espiritu. Ngayon tayo'y, sabay-sabay, na minsan pa'y sama-sama ngayon, *Only believe*, ang lahat ay magsiawit, ngayon.

> Only believe, only believe,
> All things are possible, only believe;
> Only believe, only believe,
> All things are possible, only . . .

2 Pagagalingin ka ng Panginoon, kapatid. Ipanalangin natin ngayon ang batang babae habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

3 Ama naming Makalangit, tila ba talagang hindi ko ito maialis sa isipan ko. Ang munting batang babae roon, ito'y nag-aagaw-buhay na, may nagmamahal sa kanya. Siya po ay Iyong nilikha, at ninanakaw na ni Satanas sa kanya ang mura pa niyang buhay. Dalangin ko po na sa Pangalan ni Cristo na Iyong pigilan ang kamay ng kamatayan, itaboy ang kaaway na iyon. Ikaw, Panginoon, na Siyang makagagawang maging pader sa magkabilaan ang Dagat na Pula, at bigyan ang mga anak ni Israel, ang Iyong pag-aari, ng isang ligtas na paglalakbay patawid sa naturang dagat at patungo sa lupang pangako. Diyos, dalangin namin sa araw na ito na Iyong alisin ang bawat balakid at hayaang mabuhay ang bata. Ipinagkaloob po sa amin na humiling. At, bilang isang grupo ng mga taong nananampalataya sa Iyo, humihiling kami sa Pangalan ni Jesus para sa kagalingan ng batang iyon. Amen.

4 Ngayong araw ay taglay ko ang pusong nagpapasalamat sa aking—aking pagparito sa inyong muli sa Pangalan ng Panginoong Jesus. Nakauwi ako nang medyo mas maaga mula sa Louisiana. Naisip ko na baka kung makapunta ako rito bago mag-Linggo ay makakapag-Sunday school ako. At saka napakatindi ng init ng panahon doon, na kami . . . katamtaman

na ang ganito, malamig ngayong umaga maliban sa Louisiana. Hindi ka mauupo sa loob ng ganitong gusali na may bentilador lang, doon sa Louisiana, dapat naka-aircon iyon kung hindi ay hihimatayin ka.

5 At kaya pumarito ako nang sa gayon ay makapagpahinga ako ng isa o dalawang araw bago lumisan ngayon kaagad, patungong Northern Saskatchewan, sa susunod na linggo, at doon 'yun sa Prince Albert. Iyon ay kasing layo ng aabutin ng mga kalsada sa mundo, buhat sa kabilang panig. Tatawid ito sa bahaging iyon ng mundo hanggang doon sa wala nang mga daan pa, at wala nang iba pa kundi mga Indian at mga Eskimo na doon sa mga liblib na lugar kung saan kami pupunta sa pagkakataong ito. Kaya maraming tao ang dadalo sa pagtitipong ito mula sa buong Canada. Ang iba sa kanila ay manggagaling pa sa West Coast, ang sabi nila, na darating. At tunay ngang hinahangad ko ang mga panalangin ninyong mga tao, na kakatagpuin kami ng Diyos at bibigyan kami ng isang lubos, na masagana't, dakilang pagtitipon para sa Kanyang kaluwalhatian. Nasa mga apat o limang taon na mula noong pumunta ako ng Canada. At may mga ilan akong tunay na mga katangi-tanging kaibigan doon, na napakabuting mga tao.

6 At ano pa't napakatapat nila na magsimba. Kahit na gaano man kalamig, magkukumot lang sila at mauupo sa isang sasakyang pang-niyebe, at patatakbuhin ang kabayo nang tatlumpung milya, upang makapagsimba. Maglalakad sila sa mga bunton ng niyebe at lahat na ng iba pa, bata at matanda. Nagsasama-sama silang lahat. At isinasama ng isang pamilya 'yung isa pang pamilya at mag-uumpisa nang maglakad, at nagpupunta na sila. Ito'y—ang pagsasakripisyo nila ang dahilan kaya malaki ang natatamo nila mula sa gawain. Kapag walang sakripisyo, ay walang gaanong matatamo sa gawain. Kinakailangan mo talagang magpakababa at gumawa ng isang bagay na talagang mabigat, kailangang isantabi ang ilang bagay at itigil ang trabaho, at gawin ang *ganito* o *ganoon*, upang makapagsimba at ipakita sa Diyos na mahal mo Siya, at nagsasakripisyo ka para lang makapunta, doon ka nakakakuha ng isang bagay mula rito.

7 Para bang 'yung mga anak ko. Si Billy Paul, naisip ko na ako'y. . . Wala akong natanggap na kahit ano noong bata ako. Kumukuha dati si nanay ng marahil ay isang balot ng mga kendi at susukatin niya iyon, tigalawa o tigatlong piraso ang bawat isa. Marahil para sa Pasko makakatanggap kami noon ng isang maliit na latang torotot o isang baril-barilan, o kung ano. At nakita ko ang ibang mga bata na may mga maliliit na sasakyang pang-niyebe at mga bisikleta at mga gayong bagay, magagarang damit at pang-taglamig na mga jacket. At ako—ako, talagang sumasakit ang damdamin ko, sabi ko, "Kung magkakaroon man ako ng mga sarili kong anak, gagawin ko ang lahat ng makakaya

ko para sa kanila." Buweno, nakahanda akong magutom upang maikuha ng kung anong bagay ang aking mga anak. At nang umabot na ako sa . . . Noong bata pa lamang si Billy, binibilhan ko siya noon ng maliit na pambatang tricycle, at ibinibili ko siya ng lahat-lahat. At sinisikap naman ni Meda ang lahat, na isakripisyo ang sarili niyang magkaroon ng mga damit at mga gayong bagay, para maibili siya ng kung anong bagay. Ngunit alam n'yo ba kung ano ang nasimulan naming matuklasan? Binilhan ko siya ng isang maliit na pambatang tricycle, at maliit na busog at palaso, at lahat na. Tapos makikita ko na lang siya na may isang—isang kutsara o isang patpat, doon sa bakuran, na naghuhukay sa kung saan. Kita n'yo? Sabi ko, "'Yung mga kasunod hindi na ganun." Kita n'yo? Binibigyan mo na nga ang sinuman ng lahat na mismo sa kanilang kamay, ayaw pa nila ito. Isa itong bagay na kailangan mo pang ipagsakripisyo!

8 At ganoon nga sa kaligtasan. Ito'y isang ganap na sakripisyo. Ito nga, Kapatid na Roy. Ito'y—sakripisyo ito na kailangan mong gawin araw-araw, isang bagay upang—upang mapalapit sa Diyos at upang gumawa ng isang bagay. At alam kong isa itong sakripisyo sa inyong lahat ngayong umaga, na maupo sa mainit na gusaling ito. Habang nakaupo tayo rito, ituon natin ang mga isipan natin sa pinakadakilang Sakripisyo kailanman na iniatas sa sangkatauhan para gawin, iyon ay si Jesus Cristo nang inatasan Siya na pumarito sa mundo upang mamatay sa halip na tayo. Hindi lamang iyon, kundi bumaba pa ang Kanyang kaluluwa sa impiyerno at dumoon ng tatlong araw at gabi, at sa ikatlong araw ay nagbangon Siya, at ngayo'y umakyat na sa kaitaasan, nakaluklok sa kanang kamay ng Diyos, sa Kalangitan, na namamagitan sa ating mga pagpapahayag ng Kanyang pagtubos at ng Kanyang biyaya na ipinagkaloob para sa atin.

9 Ngayon doon sa . . . doon sa dakong pupuntahan namin, maraming mga tao, na talagang mahirap, napakahirap, na kailangan pang magbenta ng isa sa kanilang mga baka, dalawa o tatlo sa kanilang mga tupa, o kung ano man, upang makapunta sa pagtitipon. Ang matandang Eskimo siguro'y magdadala ng ilan sa kanyang mga balat ng hayop at ibebenta ang mga 'yon, na talagang kailangan niya sana para sa kanyang pamilya, upang makapunta lang. Ganun din ang kailangang gawin ng mangangalakal na Indian. Ngayon, makakapanalangin tayo kahit papaano para sa mga taong iyon, hindi ba? At dalangin natin na bigyan nawa sila ng Diyos ng isang dakilang bagay.

10 Ngayon, mainit, ayaw ko kayong patagalin. At nais kong ituon natin ang ating mga isipan ngayong umaga, bago tayo magsagawa ng pananalangin para sa mga maysakit, sa *Ang Iglesya At Ang Kalagayan Nito*. At, ngayon, nararamdaman ko na ilang araw na ang nakakaraan na isang Mensahe para sa iglesya ang ibinigay sa akin sa Shreveport, Louisiana, at ako—

ako'y naniniwala na iyon ay ang mga kinahinatnan ng iglesya. At haharap tayo sa Diyos sa pamamagitan nito ngayong umaga, at mananalangin at hihilingin sa Diyos na tulungan tayo. Huwag nang hangarin pang gamitin ang gayon ding hakbang, kundi hilingin sa Diyos na tulungan tayo sa panahong ito na ating kinabubuhayan. At bago lamang. . . Ito ang napakadakilang matandang Biblia, subalit nakapaloob diyan mismo ang mga nilalaman ng Buhay na Walang Hanggan.

11 At tandaan, ang Salita ay Diyos, ang Diyos ay hindi hihigit kaysa sa kung ano ang Kanyang Salita. At tayo'y hindi hihigit kaysa sa ating salita, at kung gagawa tayo. . . Siyempre, ngayon, ikaw at ako ay magkaiba ng tinatayuan. . . pananaw, pareho nating magagawang—masasabi natin, "Oh, gagawin ko ang ganitong bagay," taos 'yun sa puso natin, subalit maaaring may dumating na mga pangyayari na hindi naman natin—hindi natin magawa 'yung sinabi nating gagawin natin. Subalit hindi iyan magagawa ng Diyos, sapagkat Siya'y walang katapusan at alam Niya ang lahat ng bagay, at ang lahat ng mga bagay na ganoon na, na magiging pa lang, o. . . Kaya nga, hindi Siya makapagbibitiw ng isang pangungusap liban na alam Niyang kaya Niya itong patotohanan.

12 At si Abraham, nang siya ay isandaang taong gulang na, kanyang tinawag ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na. Ngayon sinasabi ko ito bilang pagpapalakas ng loob doon sa mga ipapanalangin, ang mga maysakit. Tinawag ni Abraham ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na, ibinibilang na Siya Na nangako ay may kakayahang magsagawa, o, tupdin ang Kanyang ipinangako. Ngayon, nang sinabi ng Diyos kay Abraham, noong siya ay anim. . . pitumpu't lima na, at si Sarah naman ay animnapu't lima na, na sila'y magkakaanak, aba'y, talagang imposible na iyon. At sinampalatayanan niya iyon at naghintay para sa naturang sanggol, at ibinilang ang sanggol na tila ba naroon na, sa loob ng dalawampu't limang taon bago pa man dumating ang sanggol. At isandaan na si Abraham nang maipanganak ang sanggol, at si Sarah ay siyamnapu na, sapagkat sumampalataya siya sa Kanya. At kanyang tinawag ang mga bagay na hindi pa hayag, na tila hayag na.

13 Ngayon, para 'yan sa mga maysakit at may karamdaman na ipapanalangin pa lang. Kahit ano pa ang mga problema sa iyo, maging ikaw ma'y. . . kung ano pa mang uri ng mga karamdaman ang mayroon ka, gaano ka man kalala, kapag iyong tinanggap si Cristo, ang Kanyang Salita, kung gayon ay ibinibilang mo ang mga gayung bagay na hayag na, na tila ba hindi pa, kung ang mga iyon ay salungat sa Salita ng Diyos. Ngayon, sinabi ng Diyos, "Ang panalangin ng pananampalataya ay magliligtas sa may sakit." Buweno, kung sinabi 'yon ng Diyos, iyon na 'yon. Kung gayon ay ilagak natin ang ating mga isipan,

mga pag-asa, at kumilos na para bang ito'y naisakatuparan na. Sadyang tapos na iyan kapag tinanggap natin ito.

14 Ganoon din sa kaligtasan. Pinaniniwalaan natin ito, tinatanggap ito, sinasampalatayanan ito sa ating puso, lumalapit sa harapan ng Diyos at tinatanggap si Cristo bilang ating sariling Tagapagligtas, at tinatanggap Siya. Kung ikaw ay narito ngayong umaga, at isa kang makasalanan, at hindi pa ligtas, at nais mong gumaling, may sakit ka, una ay hanapin mo muna ang Panginoon. Tanggapin Siya bilang iyong Tagapagligtas, saka lilisan ang karamdamang iyan. Maging ano pa man iyon, ilagak mo lamang ang iyong buong isipan (sa lahat ng bagay na mayroon ka) sa buong Katauhan, na si Cristo Jesus, lahat na ng iba pa ay magiging maayos.

15 Kaya ngayon ay ituon n'yo ang inyong isipan doon, 'pagkat sinabi ko ang ilang pananalitang ito para doon sa mga maysakit at mga may karamdaman, upang makapangusap ako ngayong umaga sa iglesya at ang kalagayan nito. Sapagkat nararamdaman ko na bagama't ang Makalangit na pagpapagaling ay kamangha-mangha, ngunit noong ako ay nasa Shreveport, nagkaroon lamang ako ng mga tatlong gawain sa pagpapagaling noong naroroon ako, tatlo, o marahil ay apat, ang pinakamarami, sa loob ng labing-isang araw. Mas importante na mangaral sa kaluluwa ng mga tao kaysa sa maglaan ng napakaraming oras sa Makalangit na pagpapagaling. Bagama't, ang mga taong maysakit at nangangailangan, kaya naman silang pagalingin ng Diyos. At napatunayan na ito sa buong mundo, na Siya nga'y nagpapagaling. Ngunit ang pinakamahalagang bagay, ngayon, ay sa kaluluwa na hindi kailanman mamamatay. Mamamatay ang katawan. Ngunit ang kaluluwa ay hindi kailanman mamamatay, at kailangan nating panatilihin iyon na tapat at matuwid sa Diyos.

16 Madalas kong sabihin ito. Nais kong magawa ang lahat ng bagay, sapagkat kapag naroon na ako sa may ilog sa umagang iyon, ayaw kong magkaroon ng anumang problema roon. Gusto ko na hawak-hawak ko na ang tiket ko, na naghihintay na matawag ang pangalan ko. At gusto kong sabihin, tulad ni Pablo nang una, Kapatid na Creech, "Kilala ko Siya sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli." Na kapag tumawag na Siya sa mga mga patay, ay babangon ako . . . nais ko Siyang makilala sa kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na muli.

17 Kaya, ngayon, Siya na May Akda ng Aklat, iyukod natin ang ating mga ulo at mga puso sa Kanya sa ilang saglit.

18 At, Diyos, na aming Ama, dumudulog po kami sa Iyo ngayon, upang hilingin na Iyong buksan ang Salita Mo sa amin. Mabubuklat namin ang mga pahina, ngunit ang Espiritu Santo lamang ang makapagbubukas sa Salita. Kaya buksan Mo po Ito sa amin ngayong umaga, Ama, at bigyan kami ng labis-

labis na umaapaw Mong biyaya. Naghihintay po kami sa Iyo. At pumasok nawa ang Espiritu Santo sa Salita, at ipamahagi Ito sa pamamagitan ng mga labi ng tao patungo sa mga puso ng tao, at kunin nawa Niya Ito at ilagay Ito sa bawat puso nang ayon sa aming pangangailangan. At kapag tapos na ang mga gawain, handa na kaming magsiuwi sa aming mga tahanan, may pagpapakumbaba naming iyuyukod ang aming mga ulo at pasasalamatan Ka namin at pupurihin, para sa lahat ng aming natutunan sa Iyo at sa mga ginawa Mo para sa amin. Sa Pangalan ni Cristo ay aming hinihiling ito. Amen.

19 Ang pagbasa ng Salita, sa San Juan, sa unang kabanata, kayo na may mga Biblia at gustong bumasa kasama ko o markahan ito bilang teksto. At babasahin natin ang teksto mula sa Salita, at pagkatapos ay manalangin tayo, at na hanguin ng Espiritu Santo ang nilalaman mula sa Salita upang ibigay sa atin. Mababasa natin Ito, tayo na may kakayahang bumasa ay mababasa Ito, ngunit tanging ang Diyos ang makapagbibigay sa nilalaman. Mababasa ang teksto, dahil Ito ay Kanyang Salita, ngunit sa isang banda ang—ang nilalaman ay kailangang ipagkaloob ng Diyos. Ngayon, sa San Juan, unang kabanata, at ating simulan sa ika-28 talata at basahin pababa hanggang sa ika-32, lahat ng nakapaloob.

> *Ang mga bagay na ito'y ginawa*. . .*sa dako pa roon ng Jordan, na pinagbabautismuhan ni Juan.*
>
> . . .*kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kaniya, at* sabi, *Narito ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng* mga kasalanan ng sanglibutan.
>
> At *ito yaong aking sinasabi, Sa hulihan ko'y dumarating ang isang lalake na magiging una sa akin: sapagka't siya'y una sa akin.*
>
> *At siya'y hindi ko nakilala: datapuwa't* siya. . . *datapuwa't upang siya'y*. . .mahayag *sa Israel, dahil dito'y naparito akong bumabautismo sa tubig.*
>
> . . .*nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit, at dumapo sa kaniya.*

Gusto kong basahin muli 'yon, ang huling talatang iyon, ika-32 talata.

> *At nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit, at dumapo sa kaniya.*

20 Ngayon, idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa Salita. Gusto kong sikapin ninyo na—na makuha ang bawat salita kung magagawa natin. Naririnig n'yo ba ako nang maayos hanggang sa likuran? Sige, naririnig n'yo ba ako

sa gawi riyan? Kung naririnig n'yo, itaas ang inyong kamay. Mabuti 'yan.

21 Ngayon, nais kong mangusap sa inyo ngayong umaga sa—sa parabula, sa isang pamamaraan na maging ang—ang taong walang kaalam-alam tungkol sa pagsisimba na narito ay makakaunawa. Ngayon, nagsisimba tayo upang mapabuti ang ating mga sarili. Pumupunta tayo upang gawin ang ating mga sarili na mas mabuting tao, mas mabuting mga Cristiano, mas mabuting mga mamamayan, mas mabuting mga ama, mas mabuting mga ina, mas mabuting mga kapitbahay. Pumupunta tayo sapagkat sinabi sa atin ni Cristo na kung lalapit tayo, hingin ang anumang bagay sa Kanyang Pangalan, kung saan tayo ay nagkakatipon nang sama-sama na kasindami man ng dalawa o tatlo, Siya ay makakasama natin at ipagkakaloob iyon sa atin. Kaya nga, ano pa ba, ang mas bubuti para sa atin ngayon kundi ang malaman na tayo ay nasa simbahan para mapagbuti pa ang ating mga sarili, upang mapalawak ang ating pang-unawa? Ilan ang magsasabi, "Iyan ang ipinarito ko"? Tingnan nga natin. "Ako—nais ko ng higit na kaunawaan." At hindi tayo maaaring—hindi tayo maaaring magkaroon ng higit na pagkaunawa malibang ito'y . . . At kung magkakaroon tayo ng kaunawaan sa Diyos, kinakailangang magmula iyon sa Salita ng Diyos, sapagkat ang Salita ang ibinigay sa atin ng Diyos upang pakainin ang mga gutom nating kaluluwa. At isinugo ang Espiritu Santo upang kunin ang Salita ng Diyos at upang pakainin tayo sa pamamagitan ng Salitang iyon. Nakikita n'yo ba 'yon? Kita n'yo, tayo . . . Ang Espiritu Santo ay isinugo mula sa Diyos, upang kunin ang Salita ng Diyos at upang ibigay Ito sa atin nang ayon sa ating pangangailangan. Ngayon, labis akong nagagalak na naglaan ang Diyos ng ganoong panustos sa mga pangangailangan. Kayo rin ba? Na pakakainin Niya tayo.

22 Tayo ang mga tupa ng Kanyang pastulan. Mangungusap tayo tungkol diyan sa ilang saglit, sa tupa. At tayo ang may-tatlong-esensiyang nilalang ng Diyos, at kung mahahawakan Niya tayo nang ganap ay mapangungunahan Niya tayo at magagabayan tayo.

23 Ngayon, labis na nalugod ang Diyos, na noong isinugo Niya si Jesus sa mundo, na kinalugdan Niya na irepresenta Siya sa pamamagitan ng isang hayop, at ang hayop na iyon ay ang kordero. Noon pa man sa pasimula, sa Halamanan ng Eden, sa mga pagbibigay ng paunang palatandaan ng pagdating ni Jesus, ay naghandog ang Diyos, o ginamit ang isang kordero upang maging kahaliling handog diyan sa mga pagbibigay ng paunang palatandaan ng pagdating ni Cristo. Ngayon, malimit kong naiisip kung bakit sa una pa lang ay ipapakilala na ng Diyos si Cristo sa pamamagitan ng isang hayop, tulad sa isang hayop na apat ang paa. Ngunit napag-alaman natin na ang Kordero, ang dahilan kaya Niya pinili ang isang kordero, dahil sa ang tupa ay

ang mapagpakumbaba at pinakamaamo sa lahat ng mga nilikha sa ibabaw ng lupa. Wala nang mas mapagpakumbaba at mas maamo pa kaysa sa isang munting tupa, napakainosente, hindi kayang magsarili. Ito—hindi ito mapagmataas. Isa itong maamo, mapagpakumbaba na munting nilalang. At noong irerepresenta na ng Diyos si Cristo sa mundo, Kanyang inirepresenta Siya sa isang kordero.

24 Ngayon, ngunit nang ang Diyos, ang Amang Diyos, si Jehovah, ay irerepresenta na ang Kanyang Sarili mula sa Langit, inirepresenta Siya sa pinakamaamo, pinakamapagpakumbaba sa lahat ng mga ibon na lumilipad sa himpapawid, iyon ay, ang kalapati. Wala nang mas maamo pang ibon kaysa sa kalapati. Pinag-aralan kong maigi ang buhay ng mga ibon at maiilap na mga hayop sa gubat, at ang kalapati ay isang napakakakaibang ibon kumpara sa alinmang iba pang ibon na lumilipad sa kalangitan. Ang kalapati ay isang—isang—isang maibigin. Ang kalapati ay maamo. At walang apdo ang kalapati, nag-iisa ito sa uri ng mga ibon na walang apdo. Iyon ang dahilan kaya hindi kayo nakakakita ng isang kalapati saan man kundi doon lang kung saan mayroong butil o binhi. Ngayon, ang . . .

25 Sa daong, ay may isang kalapati noon. At ang kalapati ay inirerepresenta sa maraming lugar sa Biblia. Sumasagisag ito sa Espiritu Santo. At gayon din na ang tupa ay inirerepresenta sa maraming lugar sa Biblia, bilang si Cristo, sa Apocalipsis, hanggang pabalik doon sa Genesis, at gayundin naman ang kalapati.

26 At sa Aklat ng Genesis, naroon sa daong ang kalapati, nakaupo sa dapuan kasama ang—kasama ang iba pang mga ibon ng himpapawid; at isa sa mga iyon ay ang itim na ibon, isang uwak. At ang uwak ay isa sa mga pinakamasamang ibon na matatagpuan, ang isang uwak at isang jaybird, sa palagay ko, ay ang pinakamasasamang ibon na masusumpungan natin. Ang uwak ay isang ibon na may napakahabang buhay, at nabubuhay ito (sinasabi nila) sa loob ng mga, kung minsan, dalawa o tatlong daang taon, na ang isang uwak . . . Nabubuhay nang mas mahaba pa roon ang loro.

27 Subalit ang kalapati ay isang hayop o isang ibon na walang apdo. Ngayon, puwedeng dumapo rito ang uwak at kumain ng bangkay ng hayop. Hinding-hindi mo makikita ang kalapati na umaali-aligid sa patay na katawan ng hayop na 'yun. Hindi niya matatagalan iyon. Ang alingasaw nito sa kanyang ilong, hindi niya matatagalan iyon. Masusuka siya rito. Talagang hindi sila makakatagal sa anumang bagay na naaagnas na, na nabubulok na. Hindi nila iyon matatagalan, kaya hindi niya iyon makakain. Kung kakainin niya iyon, mapapatay agad niyon ang kalapati, dahil ang tumutunaw sa pagkain ay ang pag-apaw ng apdo sa tiyan na siyang tumutunaw sa pagkain. At kung walang apdo na papasok doon upang magsagawa nito, kung ganoon ay papatayin

niyon ang kalapati. Kaya makikita mo palagi ang kalapati doon sa kung saan may bagay na malinis, isang bagay na nakabubuti.

28 Ngayon, iba naman ang uwak. Ngayon, pansinin lamang ang uwak bilang isang tipo ng mapagkunwari. Magagawang dumapo ng uwak doon sa ibabaw—sa ibabaw ng patay na katawan ng hayop at kumain nang kumain hangga't gusto niya, at lilipad doon sa bukid at kakain ng trigo, din naman. Ngunit hindi maaaring kumain ang kalapati ng trigo at saka lilipad doon sa patay na katawan ng hayop.

29 Kaya, ang isang mapagkunwari, maaaring maging mapagkunwari ang isang tao at kumain pareho ng espirituwal na mga bagay, at ng mabubuting bagay at ng masasamang bagay. Subalit hindi maaaring kunsintihin ng isang totoong Cristiano na ipinanganak na muli ang mga bagay na mali, at tanging sa mabuting bagay lang makakakain. Pansinin n'yo iyon! Kapag may nakita kang isang lalaki na makakapunta ng sayawan, lalabas at mag-iinom, lalabas at mamumuhay sa kasalanan, babalik ng simbahan at marahil ay humihiyaw pa nga na kasinlakas ng sa isang banal, ano ba iyon? Isa siyang nanginginain ng mga bulok na bagay, puwede niyang kainin pareho ang mga bulok na bagay at ang mga mabubuting bagay. Subalit hindi na kayang kunsintihin pa iyon ng tunay na Cristiano, sapagkat lumipat na siya mula sa kamatayan patungo sa Buhay. At kaagad-agad siyang kokondenahin nito nang lubos, sa pag-iisip pa lamang nito, hanggang sa kondenahin siya nito hanggang sa alisin niya ang pagkakatingin dito at lalayo. Oh, anong larawan!

30 Ngayon, ang tupa ay isang napakaamong munting nilalang. Hindi siya, hindi niya kayang tulungan ang kanyang sarili. Siya'y hindi mapagtiwala sa sariling kakayahan, sapagkat hindi niya kayang tumayo sa kanyang sarili. Dito ilang panahon na ang nakakaraan ay padaan ako sa isang pastulan noong nagpapatrolya ako dati, at may natagpuan akong isang munting tupa, at ang lahat ng mga iyon ay nakalayo na sa kanya sa kung papaanong paraan, at napulupot siya nang husto sa isang kumpol ng matinik na alambre. At 'yung kawawang munting nilalang ay nakahiga roon, na nagdurugo at umiiyak. At napadaan ako noon at nakita ko sa banda pa roon sa itaas, mga kalahating milya pa paakyat, ay may isang buong kawan ng mga tupa. Ngayon, nakahandusay na sana siya roon at di na nagtagal ay tinutuka na sana ng mga uwak ang kanyang mga mata kung hindi namin siya naialis doon. Ngunit kinalag ko sa pagkakapulupot ang munting tupa, kinarga ko siya sa aking mga bisig. Ni hindi siya tumanggi. Nahimlay siya nang talagang tahimik. Kinarga ko siya. Una—unang pagkakataon, marahil, na hinawakan siya ng mga kamay ng tao, ngunit maamo siya. Hinahayaan niyang maakay siya. Hinahayaan niyang matulungan siya. Sana ay nakikita n'yo 'yon. Bukal

sa loob niya na hindi magpumilit na tumutol o manipa, o mangagat. Hindi naninipa ang mga tupa, hindi sila nangangagat; ipinapakumbaba lamang nila ang kanilang mga sarili. At ang munting nilalang na ito, binuhat ko siya at inilagay siyang kasama ng iba pang mga tupa. Sa ilang minuto'y natagpuan siya ng kanyang nanay, napakasaya niya! Ngayon, gaanong tumitipo iyon sa Kordero ng Diyos!

31 Alam n'yo, kung saan sila pumupunta para kumatay ng tupa, alam n'yo kung ano ang nangunguna sa tupa papunta sa katayan, ay isang kambing. Ngunit aakayin ng kambing ang tupa mismo patungo sa padausdusan doon sa lugar ng katayan, at, pagkatapos pagka napapasok na niya 'yung tupa sa padausdusan, saka na siya lulundag palabas. Ngunit, oh, sinasabi nga nila, kapag papatayin mo na ang isang kambing, saka siya magwawala nang husto. Kita n'yo?

32 At ganoon ang gagawin ng Diablo. Pipilitin niyang akayin ang mga anak ng Diyos mismo doon sa kalagitnaan, ngunit kapag dumating na ang oras niya para mamatay, magwawala na siya nang husto noon. Sa ganoong paraan ito ginagawa ng Diablo. Ganoon kung minsan, na ang isang munting dalagang magarang mag-ayos o isang munting pilyong binata, na may dalang isang kaha ng sigarilyo o isang bote ng alak, ay ililihis ang isang munting dalaga, isang tupa ng kung kaninong kawan, papunta sa mali. "Oh, ayos lang 'yun. Hindi naman totoo iyang lahat ng mabubuting bagay-kuno tungkol sa iglesya." Subalit hayaan mong tamaan ng kamatayan ang binatang 'yun minsan, maririnig mo siyang sumisigaw, humihiyaw nang ubod-lakas sa buong bayan. At sa ganoong paraan ito ginagawa ng Diablo.

33 Ngunit napakaamo ng tupa, na maaari itong akayin. At 'yon ang dahilan kaya inirepresenta ng Diyos si Cristo bilang ang Kordero, at ang Sarili Niya Mismo bilang ang Kalapati. At noong araw na binautismuhan ni Juan si Jesus sa ilog ng Jordan, ang isa sa mga pinakadakilang pangyayari na naganap kailanman, ay nangyari doon mismo. Pansinin kung gaano kaganda! Ang Kordero, ang pinakamaamo sa lahat ng mga nilikha sa lupa, at ang Kalapati, ang pinakamaamo sa lahat ng ibon sa Langit. Ngayon, ganun lang ang tanging paraan na sila ay mapapagsasama. Ito ang nag-iisang paraan na mapadapo ang Kalapati sa Kordero. Ngayon, noong bumaba ang Kalapati, nakita ni Juan si Jesus, at sinabi niya, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan." At sinabi ni Juan, "Ako ay nagpapatotoo, nakita ko ang Espiritu ng Diyos na bumababang tulad sa isang Kalapati, at nanahan sa Kanya." Hallelujah! Hayan nga. Ang Kalapati at ang Kordero na magkasama. Doon naging isa ang Diyos at ang Tao. Doon kung kailan nagyakap sa isa't isa ang Langit at lupa. Hallelujah! Doon kung kailan nagkatawang-tao ang Diyos, dinala ito, doon kung kailan bumaba ang Diyos mula sa anyong Espiritu at naging

isang Tao at tumahan sa gitna natin. Doon kung kailan nagyakap sa isa't isa ang buong Eternidad. Doon kung kailan nagkasama-sama ang nahulog na lahi ng tao ng bayan ni Adan at ang Diyos na si Jehovah at ang bawat anghel, nang ang Diyos at tao ay naging isa, sa dakilang araw na iyon na pangyayari sa kasaysayan noong bautismuhan ni Juan si Jesus.

Ngayon, paano kaya kung lobo pala sila? Ang matamis na huni ng Kalapati ay hindi sana nagtagal sa tabi ng lobo.

34 Ano ang mas gaganda pa kaysa marinig mo sa kalaliman ng gabi ang mga kalapati na nakahapon doon sa labas at saglit na humuhuni? Pagkaraan na mawala sa akin ang aking maybahay at anak na sanggol . . . Ayaw kong malaman ninuman kung ano ang ginagawa ko noon. Sasakay ako dati sa luma kong kotse, magmamaneho ako sa daan dito, pupunta rito sa libingan ng Walnut Ridge, mauupo roon sa tabi ng isang puno at titingin doon sa puntod. Talagang hindi ko sila maisuko. Para bang hindi ko na noon makakayanan pa. Iniisip ko noon, ang aking munting anak, na nakahimlay roon, walong buwang gulang. Kung paanong itinataas niya noon ang kanyang mga munting kamay at aabutin ako, at bubusina ako o kaya nama'y may sasabihin sa kanya, at siya'y magsasabi naman ng "goo-goo," iaabot ang kanyang mga munting kamay. At mauupo ako noon sa tabi ng isang puno, lalo na kapag patakip-silim na. At mayroon dati roong isang matandang kalapati na dumadapo roon sa palumpong, mag-uumpisa siyang humuni. Oh, naku! Naisip ko nga minsan noon kung iyon kaya ang imortal na kaluluwa ng aking anak na bumabalik para subukan akong kausapin. Wala nang mas tatamis pa kaysa roon sa paghuni ng kalapati. Napakamapagmahal niya! Naghahatid siya ng magandang balita. Gaanong sinisikap niyang maghatid ng kapayapaan! Bumabangon ako noon nang maagang-maaga pa, pupunta roon sa mga kasukalan na malapit sa tinitirhan ko, talagang nakakapayapa ang makinig! Nakadapo doon sa itaas ng nagtatayugang mga punong iyon, ang mga kalapating iyon na humuhuni sa isa't isa.

35 Noong isang araw, doon kina Kapatid na Cox, mayroong isang kalugud-lugod na inang kalapati na may dalawang mumunting inakay. At sila ay naroroon mismo sa itaas ng gusali, upang hindi sila maabot ng mga pusa. At pinapakain sila ng butihing inang kalapati. Pagkatapos ay bumababa ito at kinukuha sila at pinaaakyat sila sa itaas ng puno, at humahapon sila roon na ang kanilang mga leeg ay nakasandig sa isa't isa, at humuhuni at naglalambingan, sa buong araw, dalawang mumunting, maaamong inakay na kalapati.

36 At naisip ko na kung paanong ang Diyos, (ang kalapati ay napakamapagmahal na ibon) at ang Kalapati, ang Diyos, na nagnanais na makipag-ibigan sa Kanyang mga nilalang na tao. Nais ng Diyos na Siya'y ibigin. Nais kang ibigin ng

Diyos. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na walang hanggan." Luwalhatiin ang Panginoon! Kaya ang Diyos, sa pagnanais na makipag-ibigan, kinailangan Niya ng isang. . .gumawa ng isang bagay na kaibig-ibig. Kinailangan Niyang gumawa ng isang bagay na maamong tulad ng Kanyang Sarili. Kinailangan Niyang gumawa ng isang bagay na maaaring ibigin. Kinailangan Niyang gumawa ng isang bagay na ayon sa Kanyang Sariling Kalikasan.

37 Hindi mo maiibig ang anuman na hindi ayon sa sarili mong kalikasan. Ang umibig ay kailangang makipag-isa sa pag-ibig. Kinakailangang magmahalan sa isa't isa ng mag-asawang lalaki't babae, kung maaabot nila ang ganoong kalagayan. Kinakailangang magmahalan sa isa't isa ng pamilya, kung aabot sila sa ganoong kalagayan. Isang bagay na mamahalin! Naghahanap ka sa lahat ng lugar, naghahanap ng isang babae upang maging iyong asawa na iniibig mo. Naghahanap naman ang babae, naghahanap ng isang lalaki na maiibig niya.

38 Ang Diyos ay naghahanap, sinisikap na makakita ng isang kaluluwa na maiibig Niya. Kaya, inirepresenta Niya ang Kanyang Sarili dito sa lupa bilang isang maamong Kalapati at isang maamong Tupa. Kung sakaling biglang nagsa-kalikasan ng umaangil na lobo ang Tupang iyon, tiyak na lumipad na agad ang Kalapating iyon, tiyak na lumayo na siya.

39 Ngunit ang—ang—ang tupa, wala itong anumang matatayog na kaisipan sa sarili nito. Ang isang bagay pa tungkol sa tupa, kapag ito'y naligaw, talagang naligaw na ito. Hindi kayang tuntunin ng isang tupa ang daan nito pabalik. Iyon ang dahilan kaya inaakay ito ng kambing patungo sa kamatayan nito. Hindi nito kayang matunton ang daan nito, ang isang tupang naligaw. Iyon ang dahilan kaya inihalintulad tayo ng Diyos sa tupa. Kapag tayo'y naligaw, naligaw nga tayo. Walang paraan para masumpungan natin ang ating sarili. At may iisang paraan lamang upang magawa ito, 'yun ay, ipasakop ang ating mga sarili sa Pastol ng kawan, at Siya na ang gumagawa ng pag-akay.

40 Ngayon, habang nakatingin ako sa Korderong ito at sa tupang magkasama. . .sa Tupa at sa Kalapati, pala, na magkasama, naging iisa sila. Pagkatapos ay masdan kung paanong inakay ng Kalapati ang Kordero, ang Anak ng Diyos. Napakaamo Niya, nalalamang patungo na Siya sa katayan. Napakaamo Niya, na palaging hindi sumusubok na gumawa sa Kanyang Sarili, hindi sumusubok na kayanin sa sarili. Sabi Niya, "Hindi Ako makagagawa ng anuman hanggang sa ipakita muna ng Ama sa akin, at ang Ama ay nananahan sa Akin."

41 Ngayon, ang isa pang bagay tungkol sa tupa, nakahanda ang tupa na ipaubaya ang mga karapatan nito. Ngayon, nais ng Diyos

na tayo'y maging mga tupa, subalit napakaraming pagkakataon na ayaw nating ipaubaya ang ating mga karapatan, isuko ang ating mga karapatan. Napakarami sa inyo ang nagsasabi, "Buweno, may mga karapatan ako, Kapatid na Branham." Totoo nga 'yan, ngunit nakahanda ka bang isuko ang iyong mga karapatan? Handa ka bang ibigay ang iyong mga karapatan, upang maakay ka ng Diyos? Iyan ang problema sa ating mga iglesya ngayon, sa higit na nakararami, na ang kaamuan ng Kordero ng Diyos. . . Dapat sana'y mga tupa tayo, tayo'y naging lahat na ng iba pa maliban sa pagiging mga tupa. At iyon ang dahilan, sa oras na makuha natin ang ganoong pag-uugali, ang Kalapati ng Espiritu Santo ay lumilipad at umaalis na.

42 Kung umangil lang nang minsan na parang lobo ang Kordero ng Diyos, o gumawa ng anumang salungat sa ipinahintulot ng maamong Kalapati, lumipad na tiyak ang Kalapati. Tiyak na umalis na Siya sa isang sandali.

43 At iyan ang dahilan ngayon kaya tayo'y nagtataka, "Ano ba ang nangyayari sa iglesyang Pentecostal?" Ito'y sa kadahilanang nagsimula na tayong magkaroon ng ibang kalikasan. Nagsimula na tayong magkaroon ng isang kalikasan na, "Gusto namin ang aming mga karapatan. Gagawin namin kung ano ang alam namin na tamang gawin." At tayo ay naging mga arogante na. Tayo ay naging mga palaban na. Nawalan na tayo ng pagmamalasakit. Pinapapasok natin ang galit. Pinapapasok natin ang pagkamakasarili.

44 Ang isang tupa, kapag dumating na ang oras. . . Pag-aari niya ang kanyang sariling balahibo, karapatan niya 'yon. Kanya ang balahibo niya, subalit dinadala nila ang tupa at inilalagay siya roon sa mga bloke, at tinatalian ang kanyang mga paa. Hindi siya naninipa, hindi siya umaangal. Basta mo na lang inaalis ang kanyang mga karapatan mula sa kanya, sapagkat siya'y isang tupa. Wala siyang gagawing anuman, sapagkat ganun ang kanyang kalikasan. Subalit harangin mo minsan ang landas ng isang Cristiano, malalaman mo kung isa ba siyang tupa o isang kambing. Malalaman mo kung ano siya, kontrahin mo siya minsan. At iyan ang dahilan ngayon kaya ang mga iglesya natin ay nasa kalagayang kinaroroonan nila ngayon.

45 Tinawag nating tupa ng Diyos ang ating mga sarili. Ang kababaihan at kalalakihan, pareho, ay nagsimula nang kumilos bilang lahat na maliban sa pagiging kagaya ng mga tupa ng Diyos. Makikita mo silang naglalakad na doon sa kalsada, na may maiksi, putol na buhok, mga pakulot-kulot pa sa buhok nila. At ilang taon na ang nakalipas, tinatawag n'yong. . . kayo, sila. . . hindi mo sila noon magawang bayaran para gawin iyon. At pagkatapos magtataka kayo kung bakit kaya ang iglesya ay nasa ganito nang kalagayan ngayon. Ito'y dahil sa tinanggap ninyo ang kalikasan ng isang lobo o isang kambing, sa halip na panatilihin ang mapagpakumbabang kaamuan. At

sasabihin n'yo, "Pribilehiyo ko 'yun, Kapatid na Branham." Alam kong pribilehiyo n'yo iyon. "Barbers cut na buhok. At hangga't manggugupit ng buhok ang barbero, wala ba akong karapatan?" Tama nga, pribilehiyo mo 'yan bilang Amerikano. Ngunit nakahanda ka bang isuko ito, upang maging tupa? Handa mo bang ipasakop ang iyong sarili?

46 At kayong mga kababaihan, di pa katagalan, lumalakad kayo noon sa kalye. . .Katawa-tawang tingnan kung paano magdamit ang mga kababaihan ngayon. At hindi ko tinutukoy ang mga Presbytarian at Methodist, kayo ang tinutukoy ko na mga kababaihang naniniwala sa kabanalan. Maglalakad sa kalye, at ito'y . . .

47 May maliit akong krus na nakabitin sa harapan ng aking kotse, at may nagsabi sa akin, sabi, "Billy, alam mo bang simbolo 'yan ng Katoliko?"

48 Sabi ko, "Kailan pa napasa mga Katoliko ang eksklusibong karapatan sa krus?" Hindi kailanman! Hindi iyan simbolo ng pananampalatayang Katoliko; iyan ang simbolo ng pananampalatayang Cristiano. Ang pananampalatayang Katoliko ay isang munting patay na na santo, ni Maria o—o ng kung sinong patay na na tao na kanilang sinasamba. Hindi tayo sumasamba ng mga patay na tao. Hindi natin sinasamba si Santa Cecilia at lahat nung iba pang mga santo. Iyon ay Katolisismo, na isang mataas na antas ng espiritismo. Ngunit ang krus ay kumakatawan sa Kanya na Siyang namatay at nabuhay na muli.

49 At sinabi ko, "Inilalagay ko 'yan diyan, na nakatunghay sa mga lansangan. Dalawampu't limang taon na ang nakalipas, o tatlumpu, noong halos mabulag ako, ipinangako ko sa Diyos na kung pagagalingin Niya ang aking mga mata ay titingin na ako sa tamang bagay." At sinabi ko, "Kahit saan ka tumingin, ay napakasama na, halos hubad nang mga kababaihan, at hubad na kababaihan na naroon sa mga bakuran at sa lahat na. Tumitingin ako sa krus sa halip na tumingin, at maaalala ko kung ano ang ginawa ni Cristo para sa akin, at ilalayo ang aking ulo sa naturang bagay . . . iyon ay sa Diablo." Hallelujah!

50 At iyon ay mga taong. . .Huwag n'yong sabihin na iyon ay mga "Presbyterian, Katoliko," iyon ay mga Pentecostal! Amen. Sasabihin n'yo, "May karapatan ako, Kapatid na Branham." Tama 'yon, ngunit kung ikaw ay isang tupa, isusuko mo ang iyong mga karapatan. At kapag kumikilos ka nang ganoon, ang Espiritu Santo, ang maamong Kalapati, ay kaagad-agad na lilipad palayo. Hindi Siya papayag na masiraan ng dangal kasama mo. Hindi, hindi, hindi. Hindi mo naman siguro iisipin na kikilos ka nang ganyan at tapos nasa iyo pa rin ang Espiritu Santo. Hindi mo magagawa iyon! Ganun ang sabi ng Biblia.

Kinakailangan mong isuko ang iyong. . .Buweno, sasabihin, “Ginagawa naman ito ng lahat ng iba pang kababaihan.”

51 At ikaw na lalaki, ikaw na aba, hamak, walang gulugod, lalamya-lamya, ikaw, na hahayaan ang iyong asawa na gawin ang ganyang bagay, ipinapakita niyan kung ano ka. Iyan ang dahilan kaya wala sa iyo ang Banal na Espiritu na tulad ng inaangkin mong taglay mo, kung hindi ay may sapat ka sanang Isang Bagay sa iyo para mapakilos siyang tulad sa isang binibini hangga’t namumuhay siyang kasama mo, kahit papaano. Amen. Makalumang pakinggan ’yan, nakakasakit. Subalit iyon ang kailangan ng iglesya ngayon, ay isang makalumang, Banal na Espiritung paglilinis, at pagsasampay at pagpapatuyo, at pamamalantsa, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siyanga!

52 Ang samang kalagayan ang kinahinatnan ng mundo! Kung paanong lumalabas sila sa kalye at kung anu-anong pinaggagagawa! Kung papaanong tutok na tutok ang ulo n’yo sa telebisyon kapag Miyerkules ng gabi, at ayaw magsimba! Kung papaano na iyong . . . Aba, ngunit walang bata sa bansa . . . na hindi alam ang tungkol sa kung sino si David Crockett. At ang maruming kasinungalingang iyon, na sinasabing nakapatay daw siya ng isang oso sa edad na tatlong taon, alam n’yong kasinungalingan iyon, subalit hinahayaan ninyo ang inyong mga anak na mapuno ang kanilang mga pag-iisip ng ganung bagay. At wala pa ngang isang porsiyento mula sa isandaan ang nakakaalam ng anumang bagay tungkol kay Jesus Cristo. Ito’y dahil sa ang mundong ito ay naging napakarumi na! Ang bansang ito, na talagang kakutya-kutya at napakalayo na sa Diyos, ay tinanggihan ang Banal na Espiritu.

53 Oh, sasabihin mo, “Nagsisimba ako at humihiyaw.” Maaaring ginagawa mo nga ’yon. Subalit, hanggang sa manahan sa puso mo yaong maamong Kordero ng Diyos, at ipalinis sa iyo ang buhay mo at pakilusin kang parang iba nang tao, walang anumang magagawang mabuti sa iyo ang manggaya ng pagka-Cristiano. Kinakailangang magkaroon ka Nito. Amen.

54 Nagpunta ako noon sa isang bahay rito hindi pa katagalan, upang bisitahin ang isang lalaking may sakit, at naroon ang isang ginang, na nakaupo roon. At isang munting Oswald ang pumasok, na may nakapatagilid na sumbrero sa kanyang ulo, sabi, “Nanay, handa na ba ang tanghalian?”

55 Sabi ng ginang, “Mahal ko, wala na kasi kaming oras,” sabi, “kaninang umaga, para makapaghanda ng pananghalian.” Sabi, “Iginagawa kita ng tinapay na may palaman,” sabi, “may ilan pang orange.”

56 Lumapit siya at dinampot ang isang orange, tiningnan iyon, kumagat roon, ibinato iyon sa pader nang ubod-lakas, umagos ang katas, sabi, “Kung iyan lang ang mayroon kayo sa lugar na ito, kung ganoon lalabas na lang ako,” paganoon.

57 Sa loob-loob ko, "O Diyos, kung anak ko lang 'yan sa loob ng mga limang minuto lang!" Naku, babalatan ko siya nang hindi niya naramdamang nabalatan siya! Ngunit naroon sila, na kinakaawaan ito at bine-baby pa. Ang kailangan niya ay isang matinding makalumang pagtatalop. Iyon ang kailangan natin, isang makalumang mga tahanan na muli, at ilang mangangaral na tatayo sa likod ng pulpito at ipangangaral ang Katotohanan, at ilalagay Ito sa kung saan Ito nakaangkop na ilagay. Amen. Totoo 'yon. Oh, naku!

58 Magdadabog ang munting si Mary, at itataas 'yung munting ilong na 'yan at ingunguso pa 'yung mumunting labi na kulay rosas (gamit ang kung anong Max Factor) sa ere, at ititingala ang munting ulo niya at lalabas ng bahay. Talagang isang kahihiyan! Nagiging napakasuwail na ng mga bata! Sinabi ng Biblia na magiging gayon sila. Sinabi ng Kasulatan na magiging gayon sila. Kung paano sila aasal, kung paano sila kikilos, at ang mga bagay na nagaganap sa mundo sa panahong ito, ay sapagkat pinighati nila palayo ang Espiritu Santo.

59 Ilang taon na ang nakararaan. Paalis ako ngayon, sa loob ng ilang araw, upang ipagdiwang ang unang pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Amerika, limampung taon na ang nakalipas sa taon na ito, doon sa dating pagtitipon sa Azusa Street, na pagtitipong pentecostal sa Los Angeles, kung saan sila nagkaroon noon ng unang pagbuhos ng Espiritu Santo, noong magkatipun-tipon ang mga tao. Noong bumaba si Cristo sa gitna ng mga taong iyon, sila'y sadyang magiliw, sadyang payapa. Namuhay sila noon ng banal na pamumuhay. Namuhay sila ng may pagsasakripisyong pamumuhay. Handa silang magpaubaya. Handa silang mapangunahan ng Banal na Espiritu. Wala silang pakialam kung ano'ng sabihin ng mga tao, na sila ay "makaluma," kahit na sabihin pa nilang sila ay mga "baliw" o ano man ito, nakahanda silang magpagabay sa Banal na Espiritu.

60 Subalit, ngayon, oh, naku, may espongha pa ng pulbos at lalagyan ng make-up, at nakasuot ng shorts, at naroroon sa kalye, aba, ito'y kahiya-hiya! At tinatawag ang kanilang mga sarili, na "may Banal na Espiritu." Oh, sasabihin mo, "Pero nakapagsalita naman ako sa iba't ibang wika." Oo, at ginagawa 'yan ng Diablo, din naman. "Oh, sumigaw ako." At ginagawa 'yan ng Diablo, din naman. Kayang gayahin ng Diablo ang lahat ng bagay na mayroon ang Diyos, maliban sa pag-ibig, at hindi niya kayang gayahin ang pag-ibig. Oo.

61 Pagkatapos, basta mo na lang malalaman, kapag inumpisahan mong gawin ang ganoong mga bagay, ibinababa mo ang pamantayan, nagsisimula ka nang makipagkompromiso, pagkatapos magsisimula nang magkaroon sa iglesya ng mga maliliit na paggrupo, paggrugrupo-grupo sa gitna nila, at sabi ng isang ito, "Alam mo, talagang *ganito-at-ganoon* 'yung pastor," o

"*ganito-at-ganoon* 'yung diakono." At, malalaman mo na lang, nakinig ka na roon! At iyan ang dahilan kaya nagkaroon tayo ng napakaraming problema, ay dahil nagsimula kang makinig sa Diablo, at umangil na sa halip na makinig sa maamong Kalapati, ang Espiritu Santo, ang Kalapati ng Diyos na aakay sa iyo at gagabay sa iyo, iibigin ka at pagpapalain ka.

62 Sa unang pagkakataon na magkaroon ka ng isa sa mga munting silakbo ng galit na iyon, lilipad kaagad ang Kalapati. Siyanga. Hindi Niya iyon matatagalan. Iba ang kalikasan Niya. Oh, talagang hindi Niya matatagalan iyon. At magtsi-tsismis ka ng tungkol sa iyong kapitbahay, hindi Niya iyon matatagalan, sadyang hindi Niya iyon mapapayagan. Sadyang lilipad Siya at lalayo. Talagang hindi na Niya kaya pang tagalan iyon. Ang Kalapati ay maamo. Mababang-loob ang Kalapati, at ang Kalapati, at—at hindi Ito makatatagal sa anuman maliban na ito'y ganoon din ang uri ng kalikasan.

63 Ngayon, kayang gawin ng Diyos na ibahin ang kalikasan mo, lalaki man o babae, maaari ka Niyang bigyan ng ibang kalikasan. At sasabihin ninyo, "Buweno, Kapatid na Branham, ano naman ang magagawa namin tungkol dito?" Maging isa ka lamang tupa muli. Dalawa lang ang hayop na puwedeng magkasama, 'yun ang kalapati at ang tupa. Hindi lalapit ang kalapati sa kahit ano pa man maliban sa isang tupa. At kung ikaw ay naging kambing, kung ganoon ay alisin mo 'yang dating mala-kambing na espiritu sa iyo. Siyanga. Kung naging iba ka na, alisin mo iyon sa iyo, kung ikaw ay nagsimulang maging pala-tsismis.

64 Dito minsan, nangaral ako nang buong makakaya ko sa isang siyudad, at may libu-libong tao roon. Nagtawag ako noon sa altar. Akala ko natalakay ko nang lahat ang buong lawak ng mga bagay tungkol sa kasalanan, na natalakay ko na ang lahat ng bagay na maiisip ko. Nang gabing iyon pagkatapos ng gawain, isang napakapormal na maliit na babae ang lumapit, sabi niya, "Buweno, Kapatid na Branham, nagagalak talaga akong hindi mo ako nasagi ngayong gabi."

Inisip ko, "Totoong Cristiano marahil ito." Sabi, "Hindi mo ako nasagi ngayong gabi."

65 Sabi ko, "Buweno, talagang nagagalak akong marinig iyan, binibini, malapit ka marahil sa Kaharian ng Diyos." At siya ay kagyat nang umalis.

66 May isang may katandaan nang babae ang nakatayo roon. Sabi ko, "Siyanga pala, kilala n'yo ba ang babaeng 'yon?"

"Oo."

Sabi ko, "Siya marahil ay isang totoong Cristiano."

67 Sabi, "Isang bagay ang di mo nasagi ngayong gabi, Kapatid na Branham, iyon ay ang tsismis. Siya ang pinaka-tsismosa sa bansa." Hayan nga, ganun na nga ito, kita n'yo.

68 Ngunit kapag napunta ka sa isa sa mga bagay na iyon, kahit pa masagi iyon ng mangangaral sa pulpito o hindi, kapag nakita mo ang mga karnal na bagay na iyon ng sanlibutan, hangga't nakikiayon ka sa kanila, ikaw ay malayo sa Diyos, at lalayo ang Espiritu Santo. Iyan ang dahilan kaya hindi na katulad ng dati ang mga pagtitipon. Iyan ang dahilan kaya ang paglapit sa altar ay wala sa umagang ito sa tabernakulo. Iyan ang dahilan kaya wala na 'yung mga naglalakihang pagtitipon sa tolda sa buong bansa, ay sapagkat pinighati na natin palayo ang maamong Kalapati ng Diyos. Siyanga. Hindi Siya mananatili sa atin hangga't wala talaga tayong pagmamalasakit, hangga't naninirang-puri tayo nang patalikod, "Ang mga paraan namin ang gusto namin!"

69 Ngayon, gusto kong pansinin n'yo, ang Kordero ay isang tahimik na Tupa. Sinabi ng Biblia, "Hindi Siya nagbuka ng Kanyang bibig. Gaya ng tupang nasa harap ng mga manggugupit, Siya ay pipi." Hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig. Hindi Siya isang tao na nagnanais ng kanyang mga karapatan. Hindi, po, handa Niyang isuko ang Kanyang karapatan. Isa Siyang tahimik na Tupa.

70 Subalit, ngayon, oh, naku, gaano natin kagusto ang ating mga di pagkakaunawaan! Oh, naku! "Sinasabi ko sa 'yo, may makapagsabi lang ng kung anong bagay sa akin, pupunta ako at susugurin ko siya, naku, pagpipira-pirasuhin ko siya." "Sasabihin ko sa matandang ipokritang iyon kapag nakita ko siya! Hintayin mo lang hanggang sa makita ko siya! Purihin ang Diyos, hallelujah! Uh-huh!" Sadyang lilipad ang Kalapati at lalayo na. Siyanga. Wala na sa iyo ang Espiritu Santo, hangga't ganyan ang nadarama mo. Markahan lamang iyan sa inyong aklat, hinding-hindi Nito gagawin iyon. Sadyang hindi mananatili ang Espiritu Santo kung saan naroon ang ganoong uri ng espiritu. Kinakailangang espiritu ito ng isang tupa, isang maamong espiritu, kung hindi ay sadyang hindi Ito mananatili na kasama nito, ganun na lang iyon; kung hindi iyon maamo, mababang-loob, pinangungunahan ng Espiritu Santo. At kung may anumang bagay na dumating, sadyang ni hindi Nito pinapansin iyon, nagpapatuloy lamang. Kita n'yo? At sa mismong sandali na lumihis ito, alam n'yo, iyan ang pinaka . . . kapag lumihis ka.

71 Alam n'yo, ang unang kasalanan ay nagsimula sa isang taong lumingon lang sandali. Alam n'yo ba iyon? Sinabi iyon ng Biblia. Lumingon lang si Eba sandali, upang pakinggan kung ano ang sasabihin ni Satanas, at nagpinta ito ng isang larawan na napakaganda sa kanya hanggang sa maisip talaga niya na iyon na ang Katotohanan. At nakinig siya dito.

72 At ang tanging bagay na nais ng Diablo na gawin ninyo, ay ang lumingon ka lang saglit. Kaya niyang ipinta ang larawan, sasabihin, "Ngayon, tumingin ka dito. Alam mo, kapatid na lalaki, alam mo, kapatid na babae, kung sila nga ang tamang uri ng mga tao, hindi nila gagawin ang *ganito*. Kung ginawa lamang nila ang *ganito* rito, alam mo na." Kaya niyang gawin ito na napakatotoo sa iyo hanggang sa ito ay maging talagang katotohanan. Siyanga! Subalit tandaan, ang Diablo ito!

73 Wala akong pakialam gaano man sila kababa, gaano man silang nagpakalugmok sa kasalanan, tungkulin mo iyon na akbayan sila at iahon sila sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos. Nasaan ka ba nang iniahon ka ng Kalapati ng Diyos mula sa lusak? Tungkulin mo iyon, kaibigan ko. Sabik na sabik ang mundong ito para sa isang katiting na pag-ibig. Ang . . .

74 Gusto kong pansinin ninyo ang hayop na ito, din naman, ang munting hayop na ito, ito ay isang tahimik na tupa sapagkat hindi ito . . . nang Siya ay inalipusta, hindi Niya ibinalik ang pang-aalipusta. Hindi Siya nagsalita ng masakit at kung anu-ano pa ang pinaggagagawa, at nakipagbangayan at nakipagtalo o nagpatuloy sa ganoon, hindi Niya ginawa iyon. Noong may taong . . . Nang Siya ay inalipusta, hindi Siya gumanti na mang-alipusta rin. Hindi Niya ibinuka ang Kanyang bibig.

75 Ngunit hayaan mo ang isang tao na gumawa ng isang bagay sa 'yo o sa akin, oh, naku, sumasabog tayo na gaya ng isang palakang nakakain ng bolitas na bala ng baril, naghahambog na gaya ng isang—isang matandang gansa. "Sasabihin ko sa 'yo ngayon din, kapag tinapakan niyang muli ang mga daliri ko sa paa nang ganoon, hinding-hindi na ako babalik muli sa lumang simbahang iyon. Hindi na, po! Purihin ang Diyos! Hallelujah! Tatanggapin naman ako ng mga Nazarene, ng Pilgrim Holiness, tatanggapin nila ako. Hallelujah. Hindi ko na kailangan pang gawin iyon." Buweno, palayo nang lilipad ang Kalapati.

76 "Alam mo kung ano? Kapag pumunta ang matandang ipokritong iyon sa simbahang iyon, hindi na ako dadalong muli kahit kailan. Purihin ang Diyos, hinding-hindi na ako dadalo!" Kapag tumama sa iyo ang bagay na 'yon, 'yung umaangil na matandang lobo na iyan, lilipad palayo ang Kalapati. Tama. Pagkatapos ay lumisan na ang Banal na Espiritu.

77 Pagkatapos ay magtataka ka kung anong nangyayari sa iyo. Magtataka ka kung anong nangyayari sa iglesya. Magtataka ka kung anong nangyayari sa iyo. Bakit wala ka nang pananagumpay na kagaya ng dati? Nagpalit ka na ng iyong kalikasan. Ikaw ay naging isa nang kambing sa halip na isang tupa. Ikaw ay naging iba na maliban sa isang tupa.

78 Kinakailangan mong makamit ang totoong maamong Espiritu na iyon, "Hayaang pangunahan ako ng Banal na Espiritu saan man. Diyos, mahal ko ang bawat makasalanan,

kahit pa saan sila naroon.” Kapag ang ganoong uri ng kalagayan ay makapasok sa puso ng tao, kung ganoon ay may makikita kang bagay na mangyayari, sa iyong kaluluwa.

79 Sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Branham, mayroon bang anumang solusyon para dito?” Oo, maging isang tupa ka lamang, ’yun lang. Sasabihin mo, “Naman, Kapatid na Branham!”

80 May nakilala akong isang bata pang binibini noong isang gabi, doon sa Shreveport. Nagpunta kami ni Billy sa isang lugar upang kumain ng tinapay na may palaman pagkatapos ng gawain. Pumasok doon ang isang magandang kabataang babae, marahil bata pang babae, o siguro dalawampu o mga nasa ganoon, na maganda ang pananamit. Naupo siya. Napansin ko na panay ang tingin niya roon sa kabila ng gawing iyon. Nagpatuloy lang ako sa pagkain. Ilang minuto pa ay pumasok ’yung binibini. Sabi nito, “Kumusta ka?” Nakipag-usap sa kanya. At alam ko na ang naturang binibini ay si Kapatid na Davis na naroon. At siya at isa pang babae mula sa Life Tabernacle, kilalang-kilala ko sila, lumapit siya at kinausap ako, umalis na. Pagkatapos ’yung kabataang babae na nakaupo sa kabila, sabi niya, “Kapatid na Branham, isang magandang Mensahe ’yon ngayong gabi.”

81 Sabi ko, “Kumusta ka, kapatid?” Sabi ko, “Salamat, nang marami.” At sabi ko, “Miyembro ka ba ng Life Tabernacle?”

82 Sabi niya, “Ako nga.” Sabi niya, “Alam mo, Kapatid na Branham, puwede sana akong umawit sa choir, pero may ipinagbabawal kasi sila roon.” Sabi niya, “Nagkaroon na ako ng, oh, napakaraming taon na ng pagsasanay sa boses, at lahat na.” Sabi, “Umawit na ako ng mga solo at umawit na ako ng gayong mga bagay.” Sabi, “Ngunit, ako—hindi ako makaawit, dahil meron silang—may ipinagbabawal sila na ‘walang babae na naka-make-up ang maaaring umawit—umawit sa choir.’”

Sabi ko, “Buweno, purihin ang Diyos dahil sa Life Tabernacle!”

83 Sabi niya, “Buweno, sinasabi ko sa iyo, Kapatid na Branham,” wika niya, “Cristiano ako.”

84 Sabi ko, “Kung ganoon nga, kapatid, umuwi ka at maghilamos ka, o kung ano pa man ang ginagawa mo.” Sabi ko, “Ibig mo bang sabihin sa akin na hahayaan mo ang ganyang katiting na bagay na tulad ng paglalagay ng bahagya ng kung anong bagay na ’yan sa iyong mukha . . . ”

85 At mapatutunayan ko sa inyo na galing iyan sa Diablo. Mapatutunayan ko sa inyo na wala sa . . . Ang pinagmulan niyan ay mga pagano. At hangga’t ipinapahid mo iyan, tanda iyan ng isang pagano. Ngayon, kababalik ko lang mula sa Africa, at nakarating na ako sa kagubatan ng mga Hottentot at natuklasan sadyang kung saan talaga na ang mga hikaw, kung saan nagmula

ang lahat ng ganyang bagay, at lahat ng ito, ang maraming alahas na nakapulupot sa inyong mga leeg at mga tainga at lahat-lahat na, kung saan nagmula 'yan. Ito'y sa mga pagano. At ayaw ng Biblia na maging pagano ang isang Cristiano. At hindi mo nais. . . hindi ko sinasabing ikaw ay isang pagano sapagkat iyong ginagawa ito, subalit pinagmumukha mo ang sarili mo na isang ganoon. Iyon ay dahil sa hindi sinabi sa iyo ng pastor mo ang Katotohanan. Sinabi iyon ng Biblia.

86 At ngayon sasabihin mo, "Kapatid na Branham, sa tingin ko kung meron akong maiksing buhok, naprepreskuhan ako rito at lahat ng ganoon." Tama nga 'yon, pero kung may mahaba kang buhok ay mas maprepreskuhan ka. Maaalis lahat sa leeg mo, at ipusod mo ito at magiging maayos ito.

87 Aba, alam n'yo ba ang sabi ng Biblia? Na, ang isang lalaki ay may karapatang hiwalayan ang kanyang asawa at makipagdiborsyo rito kung puputulan nito ang buhok nito. Kung pinuputulan ng babae ang kanyang buhok, nagpapakita ito na namumuhay siya nang hindi tapat sa lalaki. Sinabing gayon ng Biblia, Unang Mga Taga Corinto 12, alamin n'yo kung Ito'y hindi ba tama. Siya na. . . Ang babae na pinuputulan ang kanyang buhok ay niwawalan ng puri ang kanyang ulo, na siyang kanyang asawang lalaki. At kung siya'y kahiya-hiya, kinakailangan siyang idiborsyo at hiwalayan. Tama nga. Subalit, kita n'yo, hindi sinasabi ng pastor sa inyo ang ganoong mga bagay. At iyan ang dahilan kaya inyong ginagawa ang ganyang gawi n'yo. At—at ang lalaki, sabi ng Biblia. . .

88 Dito hindi pa katagalan ay may sumulat at ang sabi, "Kapatid na Branham, ang—ang mga blusang ito na nabibili ng kababaihan," sabi, "aba'y, ito'y napaka. . . halos hindi ka na makahanap pa ng mga blusa, at magiging ayos lamang ba para sa amin na kababaihang Cristiano na magsuot nitong mga dacron, mga nylon, o anuman ito na ganoon?"

89 Sinabi ko, "Tingnan mo, kapatid, may isang bagay tungkol dito. Narito ang isang bagay na totoo. Puwede mong gawin ang ganito: kung hindi ka man makabili ng isa, nagbebenta naman sila ng makinang panahi, maaari kang gumawa ng isa." Sabi ko, "Tama 'yun. Para magmukha itong talagang. . ." Ako ay naniniwala. . . Alam n'yo, kung ano ang nasa puso mo ay iyon ang naipapakita mismo. Kung paano ka umasal at kung paano ka kumilos, nagpapakita 'yan ng kung ano ang nasa loob mo.

90 Iyan ang dahilan kaya ang lahat nitong pagsasalita ng masasakit at pagbabangayan at pagsisiraan nang patalikod, at—at gantihan, at kung anu-ano pang pinaggagagawa roon sa iglesya, iyan ang sumisira sa iglesya. Ipinapakita niyan na nakapasok na ang Diablo sa inyo, at ipinapakita rin niyan na iniwan na kayo ng Banal na Espiritu. Ngayon, alam ko na talagang sinusunog niyan palabas ang maitim na katas sa

ilan sa inyo, ngunit dapat na gawin nito iyon. Dapat lang! Iyon ang dahilan kaya sinabi ito; hindi para magmarunong, hindi para kumilos na nakakatuwa; kundi para sabihin sa inyo kung saan naroon ang problema, sapagkat balang araw ay kinakailangan kong tumayo at managot para sa inyo. At ang pinaka dahilan kaya ganoon kayo umasal at ganoon kayo kumilos, ipinapakita niyon kung ano kayo. Kung sadyang nasa inyo pa rin iyang pagkamagagalitin na iyan na nanggagalaiti kaagad sa ilang saglit lang, at lalabas dito at gagawa ng kung anu-ano, o hahanap ng mali, o kabulgaran at ganoong mga bagay, ipinapakita niyon kung saan ito nagmumula.

91 Ngayon ay may iisang bagay lang na dapat gawin, alisin ang bagay na iyan diyan, at ang Kalapati ay babalik sa inyong puso. Noong lumabas 'yung kalapati sa daong, siya ay pinalabas. Subalit bumalik siya at kumatok sa pinto ng daong hanggang sa pinapasok siya ni Noe. Naririto ang Banal na Espiritu. Nais ng Banal na Espiritu na pumasok. Iyan ang dahilan ngayon, kaya ang Espiritu Santo, hindi ka pa naman Niya talaga ganap na iniwan na. Nakadapo lamang Ito roon sa mga sanga ng mga puno sa kung saan mang dako, nakahanda nang lumipad Mismo pabalik at upang pumasok sa iyo, at bigyan ka ng pag-ibig at kapayapaan at kagalakan na gaya ng taglay mo noon. Tiyak, Ito nga. Handa Niyang gawin iyon. Gusto Niyang gawin iyon. Siya'y nananabik na gawin iyon. Subalit ayaw mo Siyang pahintulutan na gawin iyon!

92 Ngayon, hindi kayong mga estranghero ang kausap ko. Hindi ko alam kung ano ang sa inyong pastor . . . Ang kausap ko ay ang Branham Tabernacle. Hindi kayong mga taga-ibang iglesya ang kausap ko. Ang kausap ko ay ang Branham Tabernacle. Iyan ang nangyayari dito.

93 Iyan ang nagpapaalis sa Kalapati. Hayaan lang na may isang magsimula lamang ng isang maliit na bagay sa iglesya, at ang unang bagay, "Oh, ganoon ba? Oh, talaga bang . . . ? Hindi naman siguro ganun?" Sa mismong sandaling iyon ay aalis ang Banal na Espiritu, lilipad palayo. Sadyang hindi Nito matatagalan ang ganyang uri ng espiritu. Sa sandaling iyang kalikasan ng tupa ay umalis sa iyo, kung ganun ay wala na rin ang Banal na Espiritu. Siyanga. At iyan ang nangyayari sa ngayon. Iyan ang dahilan kaya ang mga tao ay nasa ganoong kalagayan nila, ay sapagkat kanilang hinayaan ang maling espiritu na pumasok sa kanilang puso, sa kanilang buhay. Ngayon 'yan ang dahilan kaya naman mayroon tayong . . .

94 Sinabi ng Biblia na 'yan ang dahilan kaya napakarami ang mga maysakit at may karamdaman sa kalagitnaan natin, ay dahil sa ganoong mga bagay. Kinakailangan nating maging banayad. Kinakailangan nating maging payapa. Kinakailangan nating maging isang tupa, nang sa gayon ang Kalapati ay makapanatili sa atin.

95 Ngayon, alalahanin, darating ang Kalapati. Sabi niya, "Oh, Kapatid na Branham, huwag mong sabihin sa akin na kailanman ay di ko natanggap ang Banal na Espiritu. Hallelujah! Doon, noong gabi roon nang minsang gabi, oh, noong pumasok Siya, sadyang makakalad akong. . ." Tiyak, na Siya nga iyon! "Oh, napakainam ng aking pakiramdam, pakiramdam ko'y para bang magagawa kong kunin ang bawat munting ibon mula roon sa punongkahoy at yakapin ito at ibigin ito. Ang pinakamasamang tao sa akin na ginawan ako ng anuman, pakiramdam ko'y magagawa kong akbayan sila at yakapin sila. Oh, Kapatid na Branham, gaano ang aking naramdaman!" Tiyak, na iyon ay ang Banal na Espiritu.

96 Subalit, nakita n'yo, ang dahilan kaya hindi Siya makapanatili. Ikaw ay isang tupa noon; subalit nang ikaw ay naging isang lobo, kinailangan na Niyang lumipad. Wala namang problema sa—sa—sa Kalapati; ikaw ang problema, at ang. . .hinayaan mong makapasok sa iyo ang espiritung iyon. "Pinapasok ko ba iyon, Kapatid na Branham?" Oo, noong nakinig ka roon sa tsismis, noong nakinig ka sa kasinungalingang iyon, noong sinabi mo, "Buweno, may karapatan ako doon!"

97 Wala kang karapatan! Binili ka sa isang halaga, iyon ay ang kapalit ng mahalagang Dugo ng Anak ng Diyos. Wala kang mga legal na karapatan. Hallelujah! Ang tanging karapatan na meron ka, ay, ang lumapit sa Bukal na puno ng Dugo na hinugot mula sa Ugat ni Immanuel, kapag ang mga makasalana'y nailubog sa baha, ay mawawalang lahat ang bahid ng kanilang pagkakasala. Siyanga, po. Iyon ang tanging karapatan na mayroon ka, ay isang isinukong pansariling kalooban, sa Diyos, at pagkatapos ay ang Diyos na ang mangunguna mula roon. Iyon ang nagdudulot sa mga pagtitipon na. . .Iyon ang dahilan ng napakaraming kakaibang mga bagay. Pupunta ang Espiritu Santo sa isang lugar, sabi ng Espiritu Santo, "Hindi ito tama. Ihinto ninyo ang pagtitipon, lumipat kayo roon." Ihihinto ko, din, iyon, kapatid, lilipat na kaagad. Siyanga, sapagkat kinakailangan na pinangungunahan ka ng Espiritu ng Diyos. At ang tanging paraan na mapangunahan ka ng Espiritu ng Diyos, ay manatiling maamo, hindi napakarami ng alam.

98 "Oh," iniisip mo, "marami akong alam." Oo, labis mong pinapagod ang utak mo at ni hindi na nito kayang gumana sa sarili nito. Alam mong lahat ang mga aklat at ang lahat ng mga sagot, at ang lahat ng mga salitang Griyego at ang lahat ng mga salitang Hebreo, at wala nang lugar na mapagdapuan pa ang Kalapati. Siyanga. Ngunit alam mo itong lahat, kung gayon ay hindi makapanguna ang Kalapati, 'pagkat napakarami mong alam.

99 Hindi nag-aangkin ang tupa na may anumang nalalaman ito. Kailangan nito ng isang mangunguna rito. Luwalhati! Ganoon

nga. Walang alam! Amen. Ang tanging alam ko, ay, namatay si Jesus Cristo upang iligtas ako.

100 Doon sa kahabaan ng California ay may paparating noon na isang lalaki, na may karatula sa harapan niya, sabi, "Isa akong hangal na para kay Cristo," at sabi sa likod, "Kanino ka naman hangal?" Tama 'yon. Maging isang hangal ka, sa sanlibutan, upang mapatnubayan ka ng Banal na Espiritu, 'pagkat ang mga anak na lalaki't babae ng Diyos ay pinapatnubayan ng Banal na Espiritu. Ang Roma 8:1, ay nagsabi, "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa mga na kay Cristo Jesus, na hindi lumalakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu," hindi lumalakad ayon sa lobo, kundi ayon sa Kalapati. Amen.

101 May inaawit dati si Doc na isang awitin, "Fill my way every day with love, as I walk with the Heavenly Dove; let me go all the while with a song and a smile, fill my way every day with love." Napakapayapang araw niyon para sa Branham Tabernacle, o ng alinmang iba pang iglesya o ng sinumang indibidwal, kapag isinuko nila ang kanilang mga karapatan, upang maging tupa.

"Ano ba ang katanungan, Kapatid na Branham?"

102 Bumalik ka sa pagiging isang tupa, bumalik na maging maamo, bumalik ka sa walang kaalaman, bumalik sa basta ipasakop lang ang iyong sarili kay Cristo. Huwag nang sumubok pa, huwag nang sikapin pa na malaman ang anuman. Lumakad lamang na may kababaan, katahimikan, pagpapakumbaba, kaamuan, at pangungunahan ka ng Kalapati. Subali't sa tuwing makakakita ka. . .makikinig sa tsismis na iyon, sa tuwing bumubugso ang galit mo, kapag naiisip mo na may karapatan kang gawin ang *ganito* at gawin ang *ganoon*, lilipad na lang basta ang Kalapati at aalis. Pagkatapos ay wala na Ito sa iyo. Ngayon, hindi Siya napakalayo sa iyo ngayong umaga, iglesya. Nakadapo Siya roon sa sanga ng kapayapaan, na naghihintay na mabago ang kalikasan mo. Amen.

103 Ang kailangan n'yo ngayon ay ang ipasailalim ang lahat ng inyong mga karapatan, ay ang hayaang ihimlay kayo ng Diyos at alisin ang lahat ng inyong mga karapatan sa inyo. Amen. Nakikini-kinita n'yo ba kung paanong ang isang munting kalugud-lugod na tupa, lahat—lahat ng balahibong nakakabit sa kanya? Iyon ang mga karapatan niya. Oo. [Ginagaya ni Kapatid ni Branham ang isang humihingal na tupa—Pat.] Nahahapo, at pagkatapos ay basta mahihimlay lang sa ibabaw ng pinag-aahitang mesa. Alam nila kung ano ang pinakamabuti para sa kanya. Kunin ang lahat ng kanyang mga karapatan mula sa kanya at ahitin ang lahat ng iyon, gaano kapresko at kagaan siyang tatakbo. Naku, naku, siya'y masaya, at palundag-lundag sa paligid at nagpapakasaya. Siyanga, po. Kung isusuko mo ang iyong mga karapatan, ganoon ang makakamtan mo. Ngunit kinakailangan mong isuko ang iyong mga karapatan at hayaan

na alisin ng Salita ng Diyos ang lahat ng sanlibutan sa iyo, alisin ang lahat ng mga gawi ng sanlibutan, at magiging isang bagong nilalang ka na kay Cristo.

104 Dito ilang panahon na ang nakalipas, sa dako ng Africa, nakikipag-usap ako noon sa—sa isang kalugod-lugod na banal. Sabi niya, "Kapatid na Branham, alam kong naniniwala ka sa supernatural."

Sabi ko, "Walang-alinlangan, kapatid ko."

105 Sabi niya, "Dati-rati noong mga nagdaang panahon ay inisip ko na natatangi ako." Sabi, "Inakala kong Cristiano na talaga ako." At sabi niya, "Pagkatapos doon sa aming simbahan... kinailangan ko noong umakyat sa isang burol, kung saan ko inihinto ang maliit kong kotse." At sabi, "Kinailangan ko noong akyatin ang isang burol na mga nasa, oh, tatlo o apat na raang yarda, at nagpasikut-sikot sa mga palumpong at mga ganoon, sa pag-akyat." At sabi, "Nagdaraos kami noon ng prayer meeting doon." At sabi, "Inakala ko na Cristiano na talaga ako." Sabi niya, "Alam ko ang buong Biblia. Pinag-aralan ko ang lahat ng mga salitang Hebreo. Pinag-aralan ko ang lahat ng tamang pagbigkas ng Mga Salita." At sabi, "Kahit sinong lumapit sa akin, kaya kong" [Pinitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] "makipag-usap sa kanila nang ganoon tungkol sa Biblia. Alam ko kung ano ang sinasabi ko." Sabi niya, "Isang gabi ay patungo ako roon sa simbahan. Nagkaroon ng maraming mga alitan sa aming iglesya." Sabi, "May mga maliliit na grupo na laban sa isa't isa. Alam mo na kung paano sila nagsisilitaw."

Sabi ko, "Opo, ginoo."

106 Sabi niya, "Sa daan ko paakyat ng burol, naglalakad ako noon, at bigla na lang na naramdaman ko na may sumusunod sa akin." At sabi niya, "Naisip ko na hintayin ko lang nang saglit kung sino man iyon, para makahabol, at makikipag-usap ako sandali sa kanila habang paakyat kami sa daan." Alam n'yo, medyo mainam na bagay 'yon, ang maghintay ka lamang nang kaunting sandali. At sabi, "Habang naglalakad ako paakyat ng burol," sabi, "nakaakyat na ako. Isang Lalaki ang umakyat sa burol," at sabi, "may dala-dala Siyang balutan sa Kanyang likod na higit na malaki kaysa sa naturang Lalaki." At sabi, "Talagang humihingal Siya at humihihip, at humahakbang ng maiikling hakbang lamang, nagsisikap na makaakyat. At sinabi ko, 'Ginoo, maaari ko bang tulungan Ka na buhatin ang kargang ito paakyat ng burol?' Sabi Niya, 'Hindi, kailangan na Ako ang magbuhat nito.'" Sabi, "Tiningnan ko 'yung kamay Niya," sabi, "nalaman ko noon din na isang pangitain iyon. May mga pilat Siya sa Kanyang kamay." Sabi, "Napasubasob ako, at sinabi ko, 'Panginoon, pasan-pasan Mo ba ang mga kasalanan ng sanlibutan sa sakong iyan?' Sabi Niya, 'Hindi, 'yung sa iyo lang

ang pasan Ko. Tinutulungan lang Kitang makaakyat sa burol, para lang makaakyat ka.'"

107 Ganoon nga ito. Kung titingin lang tayo sa paligid, malalaman nating pasan-pasan Niya ang sa atin. Hindi ba kayo nanliliit dahil dito? Ang masama't, malupit nating puso, dahil lamang sa kaya natin itong gawin!

108 Dito ilang panahon na ang nakalipas ay nangangaso ako. Tulad ng alam n'yo na, gustung-gusto kong nangangaso. At may isang malupit na lalaki sa lalawigang iyon, siya ay isang taong malupit. At dati-rati'y pinagtatawanan niya ako dahil hindi ako namamaril ng mga inang usa at mga batang usa. Sabi ko, "Marahas iyon." Sabi ko, "Bakit hindi ka maging isang totoong, malinis na mangangaso at bumaril lang ng matatandang lalaking usa at mga gayong bagay na matanda na at malapit nang mamatay? Ibinigay sa atin ng Diyos ang mga 'yan. Hayaan mo 'yung mga batang ina at mga gayong bagay . . ."

109 Sabi niya, "Ah, pusong-manok ka kasi, pastor!" Paulit-ulit na sinasabi sa akin ang ganoon.

110 Sabi ko, "Ngayon, tingnan mo, kung gutom ako at gusto ko ng isa sa mga batang usa na iyon, naniniwala akong ipahihintulot ng Diyos na makakuha ako niyon. Pero ang basta barilin lang ito para umasta lamang na magaling," buweno, mapupuno niya ang isang wagon. At nagpunta siya at gumawa siya ng pantawag niya, na parang isang uri ng pito, at mahihipan niya ang pito na iyon at tutunog nang talagang parang isang batang usa na tumatawag. Isang araw ay magkasama kami na nasa mga palumpong. Hiniya ko siya, sabi ko, "Mahihiya ako sa sarili ko." Pumatay ng walo o sampung batang usa nang minsanan, kung magagawa niya, mga inang usa at lahat na, para lang umasta na magaling, marahil ay puputulin ang likurang bahagi at iiwanan na ang iba nun na nakahimlay roon. Sabi ko, "Hindi mo dapat gawin 'yan."

"Ah," sabi, "kayong mga mangangaral ay napakapusong-manok!"

111 Isang araw ay tumayo siya roon sa likuran ng mga palumpong, hinawakan niya ang pito na iyon at ipinangsipol niya, at tumunog iyon na parang isang batang usa na umiiyak. Habang ginagawa niya iyon, inilabas ng isang magandang babaeng usa ang kanyang ulo, pumapadyak sa paglabas. Makikita mo ang malalaking kayumangging mata nito na naghahanap. Nagitla ito. Nagpapalinga-linga ito sa paligid. Bumaba ang naturang mamamaril, at hinila ang kanyang riple upang barilin ang inang usang iyon. At nakita ng naturang inang usa ang mamamaril na ito. Ngunit, alam n'yo kung ano, sa pag-iyak ng batang usang iyon, hindi na nito napansin 'yung baril. Hinahanap nito ang anak na iyon; iyon ay nasa panganib. Alam

n'yo na, ang pagpapakitang iyon ng pagiging tunay na ina at ng pag-ibig ng ina, na haharapin nito mismo ang baril na iyon, para sa kamatayan, na nakatingin doon sa nguso ng baril. Alam n'yo kung ano, ang pagpapakitang iyon ay napakatindi, nabagbag siya nito, itinapon niya ang kanyang baril! Tumakbo siyang pabalik at hinawakan ako sa braso, sabi niya, "Billy, ipanalangin mo ako, tama na ito!" Nang makita niya ang pagpapakitang iyon ng kabayanihan ng pagka-ina!

112 Oh, kapag nakita ng sanlibutan ang pagpapakita ng pag-ibig ng Diyos, at ang katapangan sa ating pusong makatao, anong magiging kaibahan nito. Kapag hinayaan nating makapasok sa puso natin ang Kalapati ng Diyos at gawin tayong maamo, gawin tayong mababang-loob.

113 Doon sa silungang balag ng mga dawag na iyon noon, ako na nakatayo noon doon na nananalangin para sa lalaking iyon, inakay ko siya sa Panginoong Jesus. Simula noon, isa na siyang mabuti't, malinis na mangangaso.

114 Siyanga, inisip niyang may karapatan siya, gagawin niya kung ano ang kanyang gusto. "Pag naroon sila sa aking lugar, kinakain nila ang mga tanim kong alfalfa roon pag gusto nila."

115 Sabi ko, "Tama 'yon, pero hindi naman makatao na gawin ang ganoon." Kinakailangan mong isuko ang iyong mga karapatan. O Diyos, mahabag Ka, na maisuko nga namin.

116 Dito ilang panahon na ang nagdaan, sa, oh, mga isandaang taon na ang nakararaan, may isang dakilang Cristiano na nakatira noon sa timog-kanlurang Estados Unidos. Ang pangalan niya ay Daniel Curry, isang kahanga-hangang lalaki, isang maka-Diyos na tao, isang banal na lalaki, isang tunay na Cristiano, isang lalaki na lubos na kinikilala ng lahat, isang kahanga-hangang tao. At sabi sa kuwento, na siya ay namatay o nasa kawalan ng ulirat, at sabi niya. . .sa pag-akyat niya sa Langit, siyempre, noong mamatay na siya. At nang makarating siya sa mga pintuang yari sa perlas, lumapit sa pinto ang katiwala, ang sabi, "Sino po kayo?"

117 Sabi niya, "Ako ang ebanghelistang si Daniel Curry, nakapag-akay ako ng libu-libong kaluluwa kay Cristo. At ako'y. . .gusto ko nang pumasok ngayong umaga. Tapos na ang paglalakbay ko sa buhay sa lupa, wala na akong patutunguhang lugar ngayon."

118 Darating ito sa iyo nang ganoon isang umaga, makasalanan. Ganoon itong darating sa iyo, na tumalikod. Ganoon itong darating sa iyo na pumighati sa Espiritu Santo palayo sa kanila, na hindi na naging maamo pa at magiliw. Hindi ka na umiiyak ng maraming taon. Hindi ka na namumula sa hiya, sa loob ng mga panahong hindi ko na alam. Lahat ng kahinhinan ay nawala na sa iyo. Tunay nga. Subalit darating ito sa iyong pinto isa sa

mga umagang ito. At habang pumaparito ang maamong Espiritu Santo at kumakatok, bakit di mo Siya papasukin na?

119 Kaya noong makarating si Daniel Curry doon sa—sa—sa pintuan, dumating sila, sabi, "Titingnan natin kung narito ang pangalan mo." Tiningnan nilang lahat, wala silang matagpuang anumang ganoong pangalan. Sabi, "Wala, walang Daniel Curry dito."

120 "Oh," sabi niya, "sigurado!" Sabi, "Isa akong ebanghelista." Sabi niya, "Nakapagwagi ako ng mga kaluluwa kay Cristo." Sabi, "Sinikap kong gawin ang bagay na tama."

121 Sabi ng katiwala, "Ginoo, ikinalulungkot kong sabihin sa iyo, ngunit walang Daniel Curry dito." Sabi, "Sasabihin ko sa 'yo kung ano ang maaari mong gawin." Sabi, "Wala kaming mga karapatan dito para dalhin ang iyong kaso." Sabi nito, "Ngunit gusto mo bang iapela ang iyong kaso? Puwede mo itong iapela sa Puting Luklukan ng Paghatol, kung gusto mo." Ngunit sabi, "Wala kaming habag dito para sa 'yo, ni katiting man, sapagkat wala ka rito. Walang habag para sa iyo." Sabi, "Gusto mo bang iapela ang kaso mo?"

Sabi niya, "Ginoo, ano pa ba ang magagawa ko maliban sa iapela ko ang kaso ko?"

122 Sabi nito, "Buweno, kung ganoon, maaari kang magtungo roon sa Puting Luklukan ng Paghatol at iapela mo roon ang iyong kaso."

123 Sinabi ni Daniel Curry na naramdaman niya ang kanyang sarili na naglalakbay sa kalawakan ng mga isang oras. Sabi ay napunta siya sa isang lugar, na lumiwanag, nang lumiwanag, nang lumiwanag, nang lumiwanag. Sabi, habang patuloy siya, lalo namang lumiliwanag. Iyon ay isandaang beses, libu-libong beses na mas maliwanag pa kaysa sa sikat na kailanman ay naibigay ng araw. At sinabing siya'y nangangatog, nang nangangatog. At sabi, noong marating niya ang kalagitnaan ng Liwanag na iyon, ay narinig niya ang isang Tinig na nagsabi, "Ikaw ba ay naging sakdal sa lupa?" Basta na lang lumabas mula sa isang—isang Liwanag.

Sabi niya, "Hindi, ako ay hindi naging sakdal," nangatog na.

Sabi, "Naging matapat ka bang lagi sa pakikitungo sa lahat?"

124 Sabi, "Hindi." (Sabi, "May ilang bagay akong naisip na hindi talaga ako naging eksaktong matapat.") Sabi, "Hindi, ako—ako—sa palagay ko ay hindi ako naging matapat."

Sabi, "Sinabi mo ba ang katotohanan sa bawat pangyayari sa iyong buhay?"

125 Sabi, "Hindi. Naaalala ko ang ilang mga bagay na nasabi ko, na hindi alanganin. . .na alanganin. Ako—ako—ako—hindi talaga ako eksaktong naging tapat."

126 Sabi, “Saka, kumuha ka ba ng anumang bagay na hindi sa ’yo, kahit ano, pera, iba pang mga bagay na hindi sa iyo?”

127 Sabi ay inakala niyang napakabuti na niya sa lupa, ngunit siya ay hinatulan. Sabi, “Hindi. Hindi, kumuha ako ng mga bagay na hindi sa akin.”

Sabi Nito, “Kung gayon ay hindi ka naging sakdal.” Sabi niya, “Hindi, hindi ako naging sakdal.”

128 Sabi ay naghihintay daw siya anumang minuto na dumating ang pagsabog mula sa dakilang Liwanag na iyon kung saan nakadapo ang Kalapati, “Nahatulan na!” Sabi, noon din ay kanyang narinig ang isang Tinig sa likuran niya, na mas matamis kaysa tinig ng sinumang ina na narinig niya kailanman. Sabi ay lumingon siya upang tingnan. At ang pinakamaamo na mukha na nakita niya kailanman, mas maamo pa kaysa sa mukha ng sinumang ina, ay naroon sa harap niya. At sabi’y sinabi Nito, “Ama, si Daniel Curry ay nanindigan noon para sa Akin doon sa lupa. Totoo iyon, hindi siya sakdal, subalit nanindigan siya para sa Akin. Nanindigan siya para sa Akin sa lupa, ngayon naman ay maninindigan Ako para sa kanya sa Langit. Alisin ang lahat ng kanyang pagkakasala at aakuin Ko ang mga iyon.”

129 Sino ang maninindigan para sa ’yo sa araw na iyon, kapatid, kung pipighatiin mo Siya palayo sa iyo ngayon? Sadyang hindi ko na kayang mangaral pa. Iyukod natin ang ating mga ulo.

130 Minamahal na Diyos, minamahal na naghihingalong Kordero, maamo, mapagpakumbaba, mababang-loob. May mga pugad ang mga ibon at may lungga ang mga asong-gubat, subalit Ikaw ay hindi nagkaroon ng lugar, at, gayon pa man, ay ang mismong Panginoon ng Kaluwalhatian! Noong Ikaw ay maipanganak, wala silang anumang damit noon na maisuot sa Iyo. O Diyos, ano pa ang halaga sa akin ng mga damit ko kung gayon? Ano pa ang halaga sa akin ng mga kotse ko? Ano pa ang halaga ng isang magarang tahanan sa akin? Ano pa ba ang halaga niyon sa araw na iyon? Wala Kang mga kaibigan; walang gustong makipagkaibigan sa Iyo. Para bang walang nais na mag-abot ng kamay ng pagtulong sa Iyo. Sinabi Mo na sa araw na iyon ay Iyong sasabihin, “Ako ay nagutom, hindi ninyo Ako pinakain. Ako ay hubad, hindi ninyo Ako dinamtan.” Ano pa ang halaga ng lahat ng mayroon kami sa araw na iyon, Panginoon? Manindigan nawa kami para sa Iyo, upang kapag dumating ang oras na iyon at lumapit kami sa Kanyang Presensiya, ng makapangyarihan sa lahat, sumasa lahat ng dako, nakaka-. . . O Diyos, kapag narinig na namin ang Kalapating iyon, na naroon ang mga pakpak Niyon sa dakilang Liwanag na iyon, kikislap Iyon sa buong Walang Hanggan. Ano pa’t, Ikaw ay nananahan sa Liwanag!

131 “Kapag kailangan ko nang tumayo roon nang mag-isa, wala na ang kapatid ko, wala na ang pastor ko, wala na ang nanay

ko, wala na ang tatay ko, wala na ang asawa ko, wala na ang mga anak ko, O Diyos, ano nang gagawin ko sa sandaling iyon, Panginoon? Ano nang gagawin ko sa sandaling iyon? At maaaring iyon ay bago pa man lumubog ang araw mamayang gabi. Ngunit ano na ang gagawin ko? Ano'ng maaari kong gawin? O Cristo, ngayon na ako maninindigan para sa Iyo! Gagawin ko ang aking desisyon sa araw na ito. Tatalikdan ko nang lahat ang pagkukuwento ko tungkol sa ibang tao. Isusuko ko nang lahat ang pagkamagagalitin ko. Isusuko ko nang lahat ang aking mga pakikipagtalo. Isusuko ko nang lahat. Ahitan Mo po ako ng balahibo, Panginoon, alisin Mo po ang lahat ng nasa akin. Gamitin Mo po ako, Panginoon. Ako—ako—nais kong tumayo sa Iyong lugar. Nais kong maahitan ng balahibo. Nais ko na ang lahat ng pagkamakasarili, ang lahat ng pagmamalaki, ang lahat ng kawalan ng malasakit, ay maalis na talaga lahat sa akin. Pagkatapos ay nais kong manindigan para sa Iyo, tulad ng isang tupang naahitan ng balahibo, handang isukong lahat ang mga kalayawan ng tinatawag nilang mga layaw ng buhay, ang lahat ng mga sayawan, ang lahat ng mga pakikipagsosyalan, ang lahat ng mga kung anong malalaswang pananamit, make-up, lipstick, pampakintab ng kuko, lahat nitong walang kabuluhang kamukha ng sanlibutan. Iyong sinabi, 'Ni huwag kayong kumilos na kagaya ng sanlibutan. Ni huwag kayong makisama sa sanlibutan. Magsilabas kayo mula sa kanila!' O Diyos! Tulungan Mo ako, Panginoon. Ahitan Mo po ako ng balahibo ngayon. Kunin Mo akong tulad ng isang tupa at hayaan akong maging pipi, na huwag ibuka ang aking bibig, huwag magsalita ng anuman tungkol dito, tumayo lamang at maahitan ng balahibo."

132 O Diyos, ano'ng kaibahan ang nagagawa nito! Naaalala ko noong minsan Mo akong inahitan ng balahibo, na kinuha ang aking asawa, ang aking anak, ang aking ama, at ang aking kapatid na lalaki. Inahitan Mo ako nang ganap. Gayun pa man, sa puso ko, alam kong Ikaw ay mahal ko. Gaanong pinagpala Mo ako! Naging napakabuti Mo! Ang lahat ng kung ano ako, ang lahat ng maaaring maging ako, ang lahat ng magiging kung ano ako; Ikaw iyon, Diyos, Ikaw iyon. Inaamin ko ang aking mga kamalian, inaamin ko ang lahat ng nagawa o naisip ko. Ahitan Mo lamang ako, Panginoon, nais kong maging Iyong tupa.

133 Hindi lamang po iyon, Panginoon, kundi kunin Mo rin po ang bawat taong naririto sa umagang ito, bawat tupa, at 'yung mga nais na maging tupa, ahitan Mo po silang lahat, sa umagang ito, Panginoon. Igapos ang kanilang munting mga paa sa mga poste ng Ebanghelyo. Pangunahan nawa sila ng Espiritu Santo tungo sa pagsisisi ngayon din, malaman nila na sila'y naging malamig ang loob sa Diyos. At Kanya nawang alisin ang lahat ng kalamigan ng loob, ang lahat ng sanlibutan at ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Iyong ahiting lahat

iyon ngayong umaga, Panginoon, upang makatayo kami sa Iyong harapan nang naginhawahan at tahimik, bilang mga Cristianong ipinanganak na muli. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

134 Minamahal ko po Kayo. Nais kong humayo, mainit man ang panahon, kung gusto man ng pakiramdam ko o hindi. Nais kong humayo. Nais kong manindigan para sa Iyo, 'pagkat nais kong Iyong ipagsumamo ang aking kaso sa araw na iyon, sabihin, "Buweno, siya'y nanindigan para sa Akin, ngayon Ako'y maninindigan naman para sa kanya." O Diyos, ipagkaloob po ito ngayon.

135 At habang nakayukod ang bawat ulo, at nakayukod ang bawat puso. Iniisip ko sa umagang ito kung meron kaya rito na napagtatanto na sinikap mong gumawa ayon sa sariling pamamaraan, ginawa mo ang mga bagay na ito na hindi mo dapat na ginawa, at sadyang nararamdaman mo sa umagang ito na nais mong sadyang ganap na ahitan ka ng Panginoon, at sabihin, "Gawin kang isang tunay na tupa," maaari mo bang itaas ang iyong kamay. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. May iba pa bang magsasabi, "Ahitan Mo ako, Panginoon, narito po ako. Isa akong tupa. Ni hindi ko ibubuka ang aking bibig, sadyang nais kong putulin Mo ang lahat ng sanlibutan sa akin." Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. "Ahitan Mo ako, Panginoon." Kapatid na Gertie . . . [Ang tagatugtog ng piano—Pat.] At pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. "Ahitan Mo po ako ngayon, Panginoon. Aking—nais kong ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan . . . Nais kong manindigan para sa Iyo sa umagang ito. Nais kong tumayo na parang isang tupang naahitan ng balahibo. Nais kong maputol sa akin ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan. Nais kong maging sa Iyo at Ikaw ay maging akin. Maaari Mo po ba akong tanggapin, Panginoon, habang itinataas ko ang aking kamay sa Iyo?" Pagpalain ka ng Panginoon, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, binibini, nakikita ko ang ang kamay mo. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, munting binibini. Mabuti 'yan. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, nanay. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Tama 'yan, maging tapat lamang. "Nais kong alisin lahat sa akin ng Diyos ang talagang hindi katulad sa Kanya, ang anumang makasariling mga motibo na mayroon ako, anumang pagwawalang-bahala na mayroon ako. Nais kong ahitan Niya ako nang lubusan, sa umagang ito. Nais kong maging katulad Niya. Hindi ko alintana maging ang mga iyon ay mga karapatan man o hindi; wala akong mga karapatan.

Iisa lamang ang karapatan ko, at 'yun ay, ang lumapit sa Kanya. Siya na ang bahala sa iba pa."

136 Mayroon bang makasalanan dito na ni minsan ay hindi pa ipinahayag si Cristo, hindi pa naliligtas, at nais mong maalala ka sa pananalanging ito ngayong umaga, maaari mo bang itaas ang iyong kamay, kaibigan na nagkasala? Pagpalain ka ng Diyos. Isa pang magtataas ng kamay mo, sasabihin, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham. Hindi ako isang Cristiano, at hindi ko alam kung anong oras ko talaga kakailanganing katagpuin ang Diyos. At aking—nais kong maisama ako ngayon mismo sa isang pananalangin, habang nagtatapos ka na." Buweno, maaari ba ninyong itaas ang inyong kamay para maipanalangin ko kayo? Nakikita Niya. Pagpalain ka ng Diyos, munting binibini. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. May iba pa ba, "Nais ko na maging gayon, nais ko na ang . . . "

137 Ilan dito ang mga tumalikod na? "Oh," sasabihin mo, "hindi ko inaamin iyan, Kapatid na Branham." Ngunit, tingnan mo, kung ang Kalapating iyon ng kaamuan ay wala na sa 'yo, kapatid, may bagay na mali. May bagay na mali kapag hindi ninyo mapagpasensyahan ang isa't isa. Kapag hindi ninyo mapatawad ang bawat tao mula sa kaibuturan ng inyong puso, kahit ano pa ang nagawa nila o kung ano man ang nasabi nila, kung hindi ninyo sila mapatawad mula sa inyong kaibuturan, ang sabi ni Jesus, "Kung hindi mo patatawarin ang bawat tao sa kanyang mga kasalanan, mula sa iyong puso, hindi ka rin patatawarin ng iyong Ama na nasa Langit."

138 Ngayon, ano kaya kung, sa mainit na panahong ito, papaano kung tawagin ka na ng Diyos sa araw na ito? Habang mayroon pang isang Bukal na nakabukas, isang iglesyang nakahanda, ang Espiritu Santo ay nakadapo sa dulo ng bubong ng gusaling ito, na handang bumaba ngayon din at bumalik sa iyong puso at gawin kang maamo at payapa. "Ano ang dapat kong gawin, Kapatid na Branham?" Maging isang tupa ka lamang. Bababa kaagad ang Espiritu Santo kapag naging isa kang tupa. Ngunit kung may mga mali kang motibo, maling—maling kaisipan, gusto mo ng iyong sariling kaparaanan, at hindi mo ito gustong isuko, kung ganoon ay hindi kailanman lalapit ang Espiritu Santo.

139 Ngayon habang nakayukod ang ating mga ulo, mayroon kaya ritong sinuman sa inyo na nagtaas ng inyong mga kamay . . . Ngayon, sinabi ni Jesus, "Siya na dumirinig ng Aking Mga Salita at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan, hindi na mapapasok sa paghatol kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan," San Juan 5:24. Ngunit ngayon kung gusto ninyong lumapit sa altar, lumuhod kayo rito, sama-sama tayong manalangin hanggang sa ang banayad, payapang pakiramdam na taglay mo noon, o gusto mong taglayin, ay muling bumalik sa iyo. Habang pinananatili

nating nakayukod ang ating mga ulo, habang ating inaawit, "There is a Fountain filled with Blood," nais kong lumapit ka, lumuhod at manalangin. Lahat ngayon ng gustong lumapit, ay lumuhod dito sa barandilya ng altar at manalangin nang ilang saglit.

> There is a Fountain filled with Blood,
> Drawn from Immanuel's Vein,
> And sinners plunged beneath . . . (Pagpalain ka ng Diyos, binibini, pumarito ka at lumuhod)
> Lose . . .

140 Habang nakayukod ang inyong mga ulo, na umaasa akong ganoon din kayo sa inyong puso. Alam ba ninyo kung sino 'yung nagsimulang dumaan sa gitnang daanan sa umagang ito, na kaya dapat n'yong ikahiya ang sarili n'yo? Isang itim na babae, kaawa-awang matanda, namamaga ang mga bukungbukong, namumuti nang buhok, pumupunta na sa altar.

141 Dito ilang panahon na ang nakalipas, isang itim na matandang lalaki ang nakatamo ng kaligtasan, noong panahon ng pang-aalipin. Yumaon siya, at dahil natamo niya ang kaligtasan, sinabi niya sa kanyang amo na siya ay malaya na. Sabi nito, "Ano ka na?"

Sabi, "Malaya na ako." Nang magkagayo'y pinalaya nga siya nito.

142 Heto ang isa pang grupo ng mga tao na lumalapit para sa kaligtasan ngayong umaga. (Sabi ay malaya na siya.) Bawat isa ay manalangin, at nananalangin nang marubdob kung maaari, habang nakikipag-ugnayan ang Espiritu Santo sa mga taong gumagawa na ng pagpapasya.

Sabi nito, "Mose, sinasabi mo bang malaya ka na?" Sabi, "Siyanga, po, amo. Malaya na ako."

143 Sabi, "Kung malaya ka na, kung gayon ay palalayain na rin kita. Humayo ka't ipangaral ang Ebanghelyo."

144 Noong malapit na siyang mamatay, marami sa kanyang mga puting kapatid ang dumating para dalawin siya, at nang dinalaw nga nila, sinabi niya, inakala na na-koma siya. Noong magising siya, sabi niya, "Akala ko'y wala na ako." (Pagpalain ka ng Diyos, aking kapatid, lumuhod ka lamang, diyan.) Sabi, "Ang akala ko'y patay na ako."

Sabi, "Ano'ng nakita mo, Mose?"

145 Sabi niya, "Noong pumasok ako sa pintuan, ay nakita ko Siya." Sabi, "Nakatayo ako, na nakatingin sa Kanya." At sabi, "May isang Anghel na dumating at nagsabi, 'Halika, Mose. Naipangaral mo na ang Ebanghelyo ng maraming taon, may isang balabal at isang korona kang naghihintay para sa 'yo.'" Sinabi niya, "'Huwag mo akong kausapin tungkol sa balabal at korona. Ayaw ko ng balabal at korona. Nais ko lang Siyang

makita.'" Sa palagay ko'y ganoon ang pag-uugali ng sinumang Cristiano.

146 Dito ilang panahon na ang nakalipas, sa dako ng Chicago, ay nasa isang coliseum ako noon, isang museo, pala, at nagmamasid-masid ako sa buong paligid doon. May nakita akong isang matandang Negro, may manipis na uban sa palibot ng kanyang ulo, na lumilibot sa paligid doon, na hawak-hawak ang kanyang sumbrero. Pinagmasdan ko siya. Tumingin siya roon sa isang maliit na dako, at napaatras siya, at nagsimulang umagos ang mga luha sa kanyang matandang itim na mga pisngi. Nagsimula siyang manalangin. Pinagmasdan ko siya sandali. Tumingin siyang muli, nagsimula na namang umiyak. Lumapit ako at sabi ko, "Ginoo."

Sabi niya, "Oo, kaibigang puti?"

Sabi ko, "Nakikita kong ika'y. . . Ano ba ang nakaantig sa iyo nang labis? Ano ang nakaantig sa iyo?"

147 Sabi niya, "Ginoo, kung mahihipo mo ang aking tagiliran, may mga kalyo ako sa bandang tagiliran ko." Sabi, "Dati akong alipin." Sabi niya, "Sa loob nitong munting kulungan na salamin dito, isang damit 'yan na nakalatag riyan."

Sabi ko, "Nakikita kong 'yan ay isa ngang damit, pero ano naman ang labis na katangi-tangi riyan?"

148 Sabi niya, "Ang mantsa na nariyan," sabi, "iyan ang dugo ni Abraham Lincoln." Sabi, "Inalis ng dugong 'yan ang sinturon ng pagkaalipin sa akin." Sabi niya, "Ngayon, puting lalaki, hindi ka ba parang maaantig, din?"

149 Inakbayan ko siya, sabi ko, "Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. May alam ako na iba pang Dugo na pumupukaw sa akin."

Sabi niya, "Alam ko ang Dugong iyon, din, ginoo."

150 Sabi ko, "Kanyang inalis ang isang sinturon ng pagkaalipin sa akin." Dati noon ay lumalabas ako ng Linggo at nasa karerahan at kung anu-ano pa ang pinaggagagawa, at nagkukuwento ng maruruming biro. At, O Diyos, paano ko nagawa iyon? Mayroon pa ring mga pilat doon sa aking puso kung saan ko ito ginawa. Ngunit ako'y nagagalak na Kanyang inalis sa akin ang sinturong iyon. Wala na itong lahat ngayon, humalili Siya sa aking lugar.

151 Dito ilang panahon na ang nakalipas, pinagmamasdan ko noon ang isang babae, at napakalaswa niya at gusto ko siyang kondenahin. Binigyan ako ng pangitain ng Diyos. Ipinanalangin ko siya noong sandaling iyon, sapagkat nakita ko na ang aking mga kasalanan ay kasinlaki rin ng sa kanya. At lumapit ako at naupo sa tabi niya at hiniya siya, sinabi sa kanya na ako ay isang ministro. Ang dalawang kaibigan niyang lalaki . . . Mga nasa animnapu't lima o pitumpu na siya, ang dalawang kaibigan

niyang lalaki ay lumuhod doon, at ibinigay nilang lahat ang kanilang puso kay Cristo. Oh, naku, talagang ibang-iba!

152 Maaari ba? Ikaw ba'y sadyang labis na nagkasala, ngayong umaga, napakaitim na ba ng puso mo at napakarumi hanggang sa maging ang Espiritu Santo ay hindi na ito mahipo pa? Baka lumipad na ang Kalapati tungo sa Walang Hanggan, wala na Ito magpakailanman.

153 Pagpalain ka ng Diyos, mahal ko. Isang munting batang babae ang lumalapit. Pagpalain ka ng Diyos, mahal ko. Sasabihin n'yo, "Hindi naman alam iyon ng munting batang 'yan." Oh, oo, alam niya. Hindi lang siya nakabasa ng kasindami ng magasin at kung anu-anong kuwento ng pag-ibig na nabasa n'yo na. Iyon ang dahilan, bata pa siya. Sinabi ni Jesus, "Pabayaan ninyong lumapit sa Akin ang maliliit na bata."

154 May iba pa ba na gustong lumapit, makibahagi rito ngayong umaga? Ang altar ay nakabukas. Isa pang sandali, kung gayon habang umaawit tayo nang minsan pa, pagkatapos ay dudulog na tayo sa panalangin habang ang mga nagsisising makasalanan na ito ay nananalangin.

> The dying thief rejoiced to see
> That Fountain in . . . (Tunay nga, lahat ay wala na, katapusan na ng naturang kawawang tao.)
> And there may I, though vile as he . . .

155 Maaari ka bang lumapit na ngayon? Maaari ka bang lumapit na, ikaw na nakakaalam ng mas mabuti? Sinabi ng Biblia, "Kung alam mo ang paggawa ng mabuti, at hindi mo iyon ginagawa, sa iyo ito'y higit pa sa pagkakasala." Maaari ka bang lumapit? Alam mo na nagkamali ka. Pumunta ka at lumuhod sa may altar, at sabihin mo sa Diyos na pinagsisisihan mo kung paano mo Siya noon pinakitunguhan. Hayaan ang Espiritu Santo na bumalik at gawin kang mapagpakumbaba at maamo at payapa na muli. Maaari ba? Alalahanin mo, kung mamatay ka, at wala na Siya para sa iyo, wala nang magtatanggol pa sa iyong kaso. Nais Niyang ikaw ay manindigan para sa Kanya sa umagang ito. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko.

156 Naghihintay. Ito na ba, lalabinlima lang ba sa nandito sa iglesya ang talagang nakadarama na kayo'y nakondena na? Namuhay ba kayo ng isang mapayapa, mapagpakumbaba, maamo, tahimik na buhay? Ngayon, pinangungunahan ito ng Espiritu Santo. Kayo ba'y mapagpatawad, walang mga kaaway? Namumuhay nang lampas, mas mataas kaysa sa kahatulan sa mga makasalanan? Hindi ba kayo namumuhay na tulad ng mga pagano, iba na ba ang inyong pamumuhay? Iba na ba ang paraan ng pamumuhay n'yo? Ang maamong Espiritu Santo ba ay nakaupo na sa trono ng iyong puso, ginagawa kang mamuhay nang mapayapa at tahimik at mapagmahal, sa lahat ng tao?

Alam ba ng iyong mga kapitbahay at ng lahat, at alam ba ng lahat ng mga kasamahan mo, na isa kang maamo, tahimik, mababang-loob, mapagpakumbabang Cristiano? Ang Kalapati ng Diyos ba ay nasa iyo na? Sigurado ka ba? Baka ito na ang iyong huling pagkakataon. Buweno.

157 Kung gayon sa inyo na narito sa altar, pagpalain kayo ng Diyos. Hindi na kayo kailangang hatulan pa ngayon. Hinatulan na kayo ng Espiritu Santo. At hindi ninyo pinilit na panghawakan ang inyong mga karapatan, na magsabi, "Oh, matagal-tagal na akong Cristiano. Hindi ko na kailangan pang pumaroon." Ang ilan sa inyo, unang pagkakataon n'yo na makapunta sa altar. "Maaari akong manatili na makasalanan kung gusto ko, karapatan ko 'yon." Oo, tama 'yon. Kayo ay may sariling pagpili, maaari kayong kumilos sa kahit anong paraan na gustuhin n'yo. Ngunit isinuko ninyo ang inyong mga karapatan sa umagang ito. Sasabihin, "Ano na lang ang sasabihin nila, ako na nagpapahayag ng pagka-Cristiano at pagkatapos ay pupunta roon sa altar, ano na ang sasabihin nila?" Ngunit ano naman kaya ang sinasabi ng Diyos? Sinabi Niyang lumapit ka, at ginawa mo nga iyon. Ngayon ay isinuko mo ang iyong mga karapatan, lumapit ka upang mapapunta na ang maamong Espiritu Santo sa lugar Nito sa puso mo ngayon. Alam kong iyon ay gagawin Niya. Alam kong Kanya ngang gagawin. Ipinangako Niyang gagawin nga Niya. Hayan nga, sadyang hindi Nito matanggihan, sadyang hindi mapigilan ang paglapit. Siya'y nagmamakaawa, umiiyak, namatay, at lahat na ng iba pa, para sa isang lugar na paroroonan, nagnanais na pumunta sa iyo.

158 At sa mga oras ng kamatayan mo, kapag ang anghel ng kamatayan ay nakaupo na sa paanan ng higaan mo, kaysa sa tumingin doon sa labas sa isang kakila-kilabot na bagay, at alam mo na tumanggi kang lumapit nang minsan, at pagkatapos ang iyong kaluluwa ay naging maitim at marumi na, wala nang oras pa, kahit na umiyak ka pa nang matindi. Napalampas ni Esau ang kanyang kasalanan ng biyaya . . . ang kanyang araw ng biyaya, pala, at hindi na nagkaroon pa ng pagkakataon. Umiyak siya nang buong pait, pinipilit na makahanap ng isang pagkakataon upang maitama iyon, subalit hindi na niya magawa ito. Tinawag na siya noon ng Diyos sa huling pagkakataon.

159 Ngunit iyong isinuko ang lahat ng iyong karapatan at ang lahat ng iyong mga kaibigan, at ang lahat ng iyong mga nararamdaman at lahat-lahat na, sa umagang ito, upang pumarito. Isinuko mo ang iyong mga karapatan, upang lumuhod dito at makipag-usap sa Diyos. Sinasabi ko sa iyo sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon, na sinabi ni Cristo, "Ang lumalapit sa Akin, ay hindi Ko itataboy sa anumang paraan." Ngayon habang nariyan kayo sa altar, magsisi, sabihin n'yo sa Kanya na nagsisisi kayo na nagawa n'yo ang kung anuman na inyong nagawa.

160 Iyan ang nangyayari kaya hindi natatanggap ng mga tao ang Banal na Espiritu kapag sila'y nabaustimuhan, sadyang hindi sila lubos na nagsisi. Sinisikap ng Diyos na ibigay sa kanila ang Banal na Espiritu. Nais Niya na ikaw ay maging mapagpakumbaba at maamo at tahimik. Iyan ang dahilan na tumatayo kang taglay pa rin 'yang dating pagkamakasarili sa iyong puso. Oh, maaaring tumayo ka, na sumisigaw, nagsasalita sa iba't ibang wika, o kahit ano man, hindi mapapasa iyo ang Banal na Espiritu nang dahil diyan. Kinakailangang tumayo ka riyan na iba ka nang tao. Kinakailangan na tumayo ka mula riyan, na banayad na, payapa at maamo na, mapagpakumbaba na, at ang Espiritu ng Diyos ay tumatahan na sa iyo. Sa susunod na taon, lumingon ka roon sa iyong pinagdaanan at tingnan kung gaano na kalayo ang iyong narating, makita na lagi ka nang sumusulong simula noon. Iyan ang Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kaamuan, kagandahang-loob, pagtitiis, katapatan. Ngayon, magsisi lamang at iyong sabihin sa Diyos na nais mo na iyon ngayon din. Kanyang . . . Kanyang gagawin ito.

161 Munting batang babae, ikaw na nariyan, mahal ko, ganun din ang gawin mo. Pagpalain ka. Ang iyong ina ay nakatayo na nakapatong ang kanyang mga kamay sa iyo.

162 Itong minamahal na matandang itim na kapatid na babae rito, na nakayukod sa altar. Maaaring kinailangan mo pang kumain ng tinapay na gawa sa mais at nilugaw na mais, maaaring kinailangan pang manirahan ka sa isang iskinita, sa pagkakaalam ko lang, kapatid. Pagpalain ng Diyos ang iyong puso, may palasyong nakahanda para sa iyo doon sa Kaluwalhatian ngayong umaga. Siyanga.

163 Tingnan n'yo sa altar at masdan ang isang babae, na inuuban na, isang bata pang babae na nakayukod ang ulo, isang babae na puting-puti na buhok. O Diyos! Masdan ang mga kalalakihang nakaluhod, mga magkakaiba sa banda rito. Magsisi lamang, sabihin mo sa Kanya na nagsisisi ka na. Sabihin sa Kanya na hindi mo na muling gagawin iyon. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, hahayaan mo na lamang ang inyong mga di pagkakaunawaan na matapos na, magmula ngayon. Nais mo nang maging maamo at payapa. Nais mo nang maging mapagpakumbaba at pumaroon kung saan ka Niya pangungunahan.

164 Kapag may sinasabi ang mga tao, gaano man kawasto itong tingnan, tatalikuran mo ang iyong mga karapatan na pag-usapan ang tungkol sa iyong kapitbahay. Kung magsasalita ka, magsasalita ka ng tungkol kay Jesus. Gagawin mo lamang ang bagay na tama. Hindi ka lalabas na para bang isang mamamatay-tao. Hindi ka lalabas para siraan ang mga inosente. Kundi iyong makikita ang matikas na pagpapakita ng kagitingan ng mga tunay na Cristiano, at gusto mong maging

katulad nila. Hindi mo na kailangan pang sabihin sa kahit sino na ika'y Cristiano, kung isa ka nga, sadyang nakikita na nila ito at alam na ito sa iyong pananalita. Ikaw ay naselyuhan na sa loob at sa labas.

165 Ngayon, habang iyong ipinapakumbaba ang iyong puso, magsisi ka na ngayon. Sabihin mo sa Diyos, na ika'y "nagsisisi," na iyong "hindi na gagawin pa ito kahit kailan," na "ikinahihiya" mo ang iyong sarili, sa ikinilos mo noon. At pagkatapos ay ipapanalangin ko kayo. At ako'y naniniwala, na sa oras ding iyon, ay sadyang mananahan ang kapayapaan sa inyong puso, sadyang kapayapaan na tulad sa isang ilog ang dadaloy doon sa inyong kaluluwa. Maaaring hindi ka sumisigaw, hindi ka man nagsasalita sa iba't ibang wika, hindi ka man nagpapalundag-lundag; ngunit lilisan ka sa altar na taglay ang Isang Bagay, Isang Bagay na nasa iyo na mag-aangkla sa iyo sa lumang matatag na krus na iyon hangga't ikaw ay nabubuhay. Manalangin kayo ngayon, na gaya ng aking panalangin. Mangumpisal.

166 Aming Makalangit na Ama. Mga hindi karapat-dapat na nilalang, dito sa mainit, nakakapawis na silid ngayong umaga, sa bartolina; subalit, Diyos, piniga Mo kami. Ang Espiritu Santo ay bumaba, hinikayat ang mga tao na sila ay nagkamali. Sila ay nagkakasala. Ang kanilang mga espiritu ay arogante. Sila ay naging mga palaban na, mapanghimasok, kung umasta ay alam ang lahat na, ayaw magsisi, ayaw magpatawad sa mga tao na nakagawa ng mga bagay na laban sa kanila. Ayaw nila noon, ngunit sa araw na ito ay dinala ng Espiritu Santo ang Salita ng Diyos, inilagay Ito mismo sa malambot nilang mga puso, at nagsabi, "Nais mo bang bumalik na ngayon sa dati mong kalagayan noong unang pagkakataon na lumapit ka sa altar, bumalik sa kung saan ang lahat, iyong iniibig ang lahat, at iyong inibig Ako nang walang-kamatayang pag-ibig? Kung ganoon ay tumayo ka lamang at lumapit sa altar." Ginawa po nila iyon, Panginoon.

167 Ngayon, dalangin ko ngayon na Iyong linisin ang kanilang mga kaisipan, Panginoon, linisin ang kanilang mga puso, gawin po silang maamo at payapa. Tumayo nawa sila mula sa altar na ito ngayon, pagkatapos nilang magsisi, na ibinibigay ang kanilang buhay sa Iyo, bumalik sa kanilang tahanan. Kahit ano pa ang mangyari, kung magalit man nang husto ang asawang lalaki, o magalit man ang asawang babae, o ang kapitbahay ay magalit, o isang katrabaho mo o kasamahan mo man, "Ako'y magiging maamo lamang na tulad sa isang kalapati."

168 Sa kabila ng lahat, sa Iyo ang Iyong paghihiganti, "Ako ang gaganti, sabi ng Panginoon." Gaanong nalaman namin na totoo nga iyon, Panginoon. Manatili lamang kami, maging maamo, pagmasdan ang Diyos na gumawa . . . na bumaba mismo sa Kanyang tupa. Tiyak nga, walang alinlangan. Ibinigay ng

mabuting Pastol na ito ang Kanyang Buhay para sa kanila, bumaba Siya mismo sa Kanyang tupa. At papatnubayan Niya sila. Kahabag-habag siya na kakalaban sa kanila! Kahabag-habag siya na magsasabi ng isa mang salita laban sa kanila! Sabi, "Mas mainam pang bitinan ng batong gilingan ang iyong leeg, at malunod sa kalaliman ng dagat. Ang kanilang mga Anghel ay nakikita palagi ang mukha ng Aking Ama na nasa Langit." Kita n'yo? O Diyos, nais naming. . . "At kung ano ang ginawa ninyo sa kanila, ay inyong ginawa sa Akin."

169 Kung kaya't, Diyos, nais ko po na maging maamo. Inilalagay ko ang aking sarili, rin, sa altar sa umagang ito; hindi lang sa umagang ito, kundi bawat umaga at araw-araw. Nais kong maging payapa at maamo, at kagaya ni Jesus. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Tulungan po kami na maging gayon ngayon, hayaang ang di matarok na mga alon ng pag-ibig ay umalon sa aming kaluluwa.

Peace! Peace! Wonderful peace,
Coming down from the Father above; (Di ba't nararamdaman n'yo na Ito ngayon sa ating puso?)
. . . over my spirit forever, (Hallelujah Hallelujah!) . . .
Peace! Peace! Wonderful . . .

170 Sinabi ni Kapatid na Gertie na sabihin sa buong iglesya na siya'y kinondena, rin, ngunit ginagawa niyang kanyang altar ang piano. Yamang ang altar, ang piano ay ang kanyang altar, ang sabi, "Sabihin sa iglesya na manalangin para sa akin," habang nakaupo siya roon at ang mga luha ay umaagos sa kanyang salamin. Ang pulpitong ito ay ang aking altar. Ako'y nagsisi, din, basa ang aking Biblia. O Diyos!

Peace, peace of God!
Coming down from the Father above; (Oh, Hallelujah!)
. . . over my spirit forever . . .

171 Diyos, kung ako'y nagkasala laban sa kaninuman, laban sa Iyo, alisin Mo po ito, Panginoon. Tanggalin Mo po ang kasalanan sa aking munting iglesya, sa umagang ito.

172 Ilan ang sadyang nakadarama na pinatawad ka na ng Diyos, at ang Kalapati ng Kapayapaan ay nakaupo na muli sa iyong puso? Kalilipad pa lang Niya pabalik ngayon, pumuwesto na sa Kanyang lugar. Sadyang bumalik ang Espiritu Santo at nagsabi, "Aking Anak, noon pa ma'y nais na Kitang ibigin sa tuwina. Sadyang ayaw mong pahintulutan Ako na gawin ito. Hindi Ako makapanahan na kasama ang dati mong makasariling espiritu. Subalit ngayon na iyo nang isinuko ito, ay bumalik na Ako sa iyong puso sa umagang ito." Ilan ba ang ganoon ang nararamdaman? Itaas ang inyong kamay. Itaas ang inyong

kamay, siyanga, lahat ng nasa may altar. Oh, mainam 'yan. Ilan ba sa mga tagapakinig diyan ang nakadarama din ng ganoon? Itaas ang inyong kamay. Oh! [Sinasabi ni Kapatid na Branham sa piyanista, "To Be Like Jesus."—Pat.]

173 Aming Makalangit na Ama, nagpapasalamat po kami sa Iyo para sa oras na ito ng marahan, na paghahandog, tulad ng pagkuha ng isang mansanas sa kamay, na dinudurog ito, dinidikdik ito, hanggang sa ito ay lumambot, napakalambot na ang isang sanggol ay maaaring maupo at kumain nito. Ganoon ang nais namin sa aming mga puso, Panginoon. Kunin Mo po ito sa Iyong kamay na may pilat ng pako, sadyang durugin ito, na nagsasabi, "Anak, hindi mo ba nakikitang sinaktan mo Ako? Sinasaktan mo Ako noong labis na uminit ang ulo mo nang ganoon? Sinasaktan mo Ako, oh, sadyang ang puso Ko ay nagdugo para sa iyo, anak, noong nakita Kita na gumawa ng *ganito-at-ganyang* mga bagay. Ngunit ngayong hawak Ko na ang iyong puso sa Aking kamay, nais Ko itong gawin na tunay na maamo. Nais Ko itong gawing ganoon upang magamit Ko ito at makapanahan dito. Gusto Kong lumipad doon sa dapuan na iyon ngayong umaga, gusto Kong bumalik at tumahan, manahan Ako sa iyo." Ipagkaloob Mo po ito, Diyos. Iniibig Ka namin. Ipagkaloob po ito, para sa Iyong ikaluluwalhati. Humihiling kami sa Pangalan ni Jesus.

To be like Jesus, to. . .(Di ba't gustung-gusto n'yong sumamba lang nang ganito? Oh, ang kaluluwa ko ay sadyang nagpapakababad.)
On earth I. . .(Ang makita Siya na bumababa sa—sa mga mananamba nang ganito, ang pakiramdam ng iyong puso'y totoong maamo? Sadyang tumitibok nang mabilis ang aking puso.)
. . .journey from earth to Glory
I only ask to be like Him.

Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay habang inaawit natin ito?

To be like Jesus, to. . .(Joe, nais mo bang pumarito at manalangin ngayong umaga, kapatid? Pagpalain ka ng Diyos. Humanap ka ng lugar dito sa may altar, Kapatid na Joe. Pagpalain ka ng Diyos.)
. . .journey from earth to Glory
I only ask to be like Him.

174 Alam kong mainit, kaibigan. Alam kong mainit nga. Ngunit ako—ako ay umaasang nadarama n'yo rin ang katulad ng nadarama ko. Oh, sadyang nadarama ko na para bang talagang makakalipad ako. Napakamapagmahal Niya! Ano'ng puwede kong gawin? Saan ako pupunta? O Diyos! Saan ako patungo?

Saan ang aking patutunguhan? Ano na kaya ang magiging—ang mangyayari? Saan na kaya ako mapupunta isandaang taon mula ngayon? Paano na lang kaya kung wala Siya sa akin? Saan, saan pa ba mayroong iba pang kanlungan?

From Bethlehem's manger came forth a Stranger,
On earth I long to be like Him;
All through life's journey from earth to Glory
I only ask to be like Him.

Sabay-sabay ngayon.

To be like Jesus . . . (Sa Diyos ang papuri! Opo, Panginoon! Opo, Panginoon! Hindi ng sanlibutan; tulad Mo!)
. . . to be like Him;
All through life's journey from earth to Glory
I only ask . . . ? . . .

175 Habang nakayukod ang inyong mga ulo, may itatanong ako sa inyo. Meron dito na hindi niya nalulugod ang Espiritu Santo. Merong mga tinawag na. Nangungusap ako sa Pangalan ng Panginoong Jesus, bilang Kanyang propeta. Nadarama ko na nasugatan ang Kanyang puso. Sa banda riyan, may sumuway sa Kanya, na dapat sana'y lumapit. Maaari ka bang lumapit na ngayon?

All through life's journey from . . . (Oo, kapatid na babae, ngunit meron pang iba kaysa sa iyo.) . . . Glory
I only ask to be like Him.

Just to be like Jesus . . . (Iyan lang ang hangad ko, maamo at mababa, mapagpakumbaba, ang maging tulad Niya.)
On earth I . . . (Maaari ka bang lumapit na ngayon? Nais ng Diyos na makita kang gumawa ng hakbang, marami kayo.)
All through . . .

176 Alam ko na kayo ay lalapit. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Ganyan nga. Ganyan nga. Tumingin ako sa mga tagapakinig na ito, at ang pinakamalalang itim na anino na nakita ko kailanman ay nakalutang diyan. Ang Banal na Espiritu ay narito ngayon. Ito'y nasa akin ngayon mismo. "Pagpighati sa Banal na Espiritu."

To be like Jesus . . .

177 Ano'ng ginawa Niya? Pumunta lang kung saan pinangunahan ng Ama. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. Tama 'yan, lumapit kaagad-agad rito at lumuhod.

On earth I long . . .

178 Ngayon na ang oras para sa pagsisising gaya noong una, ang pagtutuwid, pagwawasto. Halina kayo. Nararamdaman ko pa rin na marami pa riyan. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Tama 'yan. Ang Espiritu Santo ay palaging tama. Halina kayo. Tama 'yan, kumilos kaagad-agad.

. . . Him.

To be like Jesus, to be like, yes, Jesus,
On earth I . . . (Oh, naku, siyanga! Ganyan nga, punuin lamang ang pasilyo, kumilos kaagad at manalangin.)
Through life's journey from earth to Glory, (Magsisi lamang, sabihin n'yo sa Diyos na nagsisisi kayo, iyon lang ang kailangan ninyong gawin.)
. . . to be like Him.

179 Maaari bang patuloy lang na lumapit ngayon? "Ang . . ." Tama 'yan, kumawala lamang, lumapit na. "Ang maging tulad . . ."

180 Ano'ng gagawin mo? Sino ang maninindigan para sa iyo, baka ngayong gabi na? Sino ang maninindigan para sa 'yo kapag bigla ka nang kinuha ng kamatayan? Kahit ano pa ang iyong nagawa, ang Banal na Espiritu ay nariyan mismo sa malapit sa iyo. Siya iyan na nagnanais na lumapit ka.

All through life's journey from earth to Glory

181 Magsisi lamang, sabihin, "Diyos, nagsisisi po ako. Ako—hindi ko nais na gawin ang ganoon. Hindi Ka maninindigan para sa akin kung hindi ako maninindigan para sa Iyo ngayon. At nais kong Ikaw ay manindigan para sa akin, at maninindigan na ako para sa Iyo simula sa araw na ito. Mamumuhay na ako na gaya ng nararapat sa isang Cristiano. Babaguhin ko na ang mga gawi ko. Magiging maamo at tahimik na ako. Hahayaan ko na lang ang lahat na gawin ang sarili nilang usap-usapan, lahat na. Mamumuhay lamang ako nang maamo at tahimik sa harapan Mo." Kahit gaano man katagal na ipinapahayag mo na isa kang Cristiano, ano mang iglesya ka kabilang, walang kaugnayan 'yun dito. Lumapit na. Pagpalain kayo ng Diyos. Kumilos ka na kaagad, anak.

182 Ang Diyos ay nangungusap na sa iyo ngayon. Kung naniniwala ka na ako ay Kanyang lingkod, ang Espiritu Santo ay nangusap sa akin sa umagang ito, nagsabi, "Magtawag ka, marami pang naririyan." Ito na ang araw, ito na ang oras. May mga lima o anim pa riyan sa likuran, na talagang kailangang lumapit na ngayon. Alalahanin n'yo, kapatid na lalaki, kapatid na babae, nakatingin ako sa inyo mismo, nakikita ko 'yang

maiitim na anino na nasa ulohan n'yo. Maiging lumapit na kayo kaagad.

183 Ang maging tulad ni Jesus! Di ba't nais n'yong maging tulad Niya, banayad, tahimik, maamo, mapagpakumbaba? Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Pagpalain ka ng Diyos, ama na may dalang sanggol. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Pagpalain ka ng Diyos, kaibigang makasalanan. Tama 'yan. Kumilos kaagad, kapatid, lumapit kaagad, ihanap mo lang ng lugar ang sarili mo. Pagpalain ka ng Diyos.

184 Mahal na kapatid na babae, marami kang dapat na ipagpasalamat. Nakaratay ka na noon sa kama, nag-aagaw-buhay, heto ka nang naglalakad, sa altar. Pagpalain ng Diyos ang iyong magiliw na puso.

185 Ang Banal na Espiritu ay nangungusap na muli ngayon. Pagsisisi, umiyak lamang sa Diyos, manalangin lamang ng iyong sariling panalangin. Ikaw ang gumawa ng kasalanan, ngayon ay ikaw naman ang manalangin. Sabihin sa Diyos na ika'y nagsisisi sa nagawa mo. Huwag mong pansinin kung sino ang nasa paligid mo. Sabihin lang, "Diyos, patawarin Mo ako, hindi ko ginusto na maging ganoon. Nais kong maging maamo. Ako'y—ako'y hindi na makikipagtalo pa at makikipagbangayan."

186 O Diyos, oh, gaano ko kagusto ito! Makalangit na Ama, sa bawat isang nagsisisi sa may altar ngayon, nagsisiluhod sa kanilang mga tuhod, nananalangin! O Diyos, nawa'y ang mga ina, mga tatay, mga anak, mga ama, mga ina, kahit ano pa, mga kapitbahay, mga kasapi ng iglesya, mga diakono, mga katiwala, O Diyos, sa makalumang oras ng paghuhubog na ito, habang naririto sa mainit na silid na ito ngayong umaga, ang Espiritu Santo ay bumababa mismo, na nangungusap ng kapayapaan. O Diyos, nais kong tumayo sa araw na iyon para marinig ko na sabihin Mo, nang banayad, "Oo, ikaw ay lumapit at nanindigan para sa Akin, ngayon Ako naman ang maninindigan para sa iyo." Nais ko na Iyong ilagay ang kapayapaang iyon sa bawat puso na narito sa araw na ito, Diyos. Nang marahan at banayad, nais ko na Iyong gawin iyon. Nais ko na sadyang kumilos Ka po roon na may lubos na pakiramdam na hindi na iyon lilisan pa sa kanila, magmula sa araw na ito. Maging bago nawa ang mga tahanan. Ang mga tao nawa ay maging bagong mga tao. Ang lahat ng bagay nawa'y maging bago sa araw na ito, dahil sa ipinakumbaba ng mga taong ito ang kanilang sarili. Sinabi Mo, "Kung ang bayan na tinawag sa pamamagitan ng Aking Pangalan ay magpakumbaba, at manalangin, kung gayon ay Akin silang pakikinggan mula sa Langit." At alam kong dinirinig Mo nga kami, sa umagang ito, Diyos.

187 At ako'y dumadalangin ng kapatawaran para sa mga nanatili sa kanilang upuan, na dapat sana'y lumapit. Diyos, mangusap Ka sa kanila, at hindi nawa sila magkaroon pa ng

kapayapaan sa mundo hanggang sa gawin na nila ang pasya na iyon, Panginoon, na lumapit at maiwasto sa Iyo. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Pagpalain Mo po ang bawat isa ngayon. Nawa ang Iyong kabutihan at ang Iyong biyaya ay manahan palagi sa bawat kaluluwa na nagsisisi at nakayukod na nasa iglesyang ito ngayong umaga.

188 Amang, Diyos, ginawa ko po ito sa Iyong pag-uutos. Tinawag ko na po ang mga taong ito; sila'y tumayo na. Sinabi Mo, "Ang magpatotoo sa Akin sa harapan ng mga tao, ay ipapatotoo Ko sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel." Marami sa mga ito na narito ay maraming taon nang Cristiano, ngunit Sila'y nakatayo sa umagang ito upang magpahayag ng kanilang mga kasalanan na nakagawa sila ng pagkakamali. Sila ay naging hindi na kaibig-ibig. Lumisan na sa kanila ang Espiritu Santo. At maraming pagkakataon na hindi na nila madama iyang malumanay, matamis, maamong pakiramdam na kanilang dapat na madama. Marami sa kanila ay mga makasalanan na lumapit sa kanilang unang pagkakataon. Ngunit, Ama, nais nila ang napakagandang pakiramdam na iyon, ang kapayapaan na di maabot ng pag-iisip. Ibigay Mo po ito sa kanila sa araw na ito, Panginoong Diyos, at nawa sila ay ganap na maging kaibig-ibig at puno ng Iyong Espiritu, sa pag-alis nila sa lugar na ito sa araw na ito, upang umuwi sa kani-kanilang tahanan, upang mamuhay ng iba nang buhay at upang maging iba nang mga tao. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Cristo.

189 "Room At The Fountain." Buweno, kayo na nariyan sa altar, tumayo kayo, tumingin sa Panginoong Diyos, umikot kayo at makipagkamay sa bawat isa na nasa paligid ninyo. Oh, aawit tayo, bawat isa ngayon, habang nakatayo tayo pansumandali bago ang gawaing ukol sa pagpapagaling.

Room, room, yes, there is room,
There's room at the Fountain for thee;
Room, room, yes, there is room,
There's room at the Fountain for thee. (Bawat isa!)

. . . room, yes, there is room,
There's room at the Fountain for thee;
Room, room, yes, there is room,
There's room at the Fountain for thee.

Room, room, yes, there is room!
[Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

190 Isang pananampalataya! Alam mo noong isang araw, kapatid, noong ang iyong—ang maybahay mo ay tumawag, upang manalangin para sa iyo? Pumasok ako kaagad doon sa silid, at sabi sa akin ng Espiritu Santo, "Huwag kang matakot." Amen. Hindi ba't Siya'y totoo? Kamangha-mangha! Buweno,

purihin ang Panginoon! Pakiramdam ko'y gusto kong isigaw ang tagumpay! Sige.

> And His Blood washes whiter . . .(May sasabihin ka ba?)
> Jesus saves! . . .?. . .

191 Buweno, si Kapatid na Neville na ngayon. At may sasabihin kasi si Kapatid na Slaughter. [Nagsasalita si Kapatid na Slaughter. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

Purihin ang Panginoon! [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Ako ay naniniwala na ang lahat ay nakatanggap sa umagang ito."] Luwalhati! Hallelujah! Hallelujah! [Nagsasalita si Kapatid na Neville, at pagkatapos ay sinasabi niya, "Tandaan n'yo ang mga gawain mamayang gabi, meron tayong gawaing ukol sa paghuhugasan ng mga paa at komunyon." Tinatanong niya si Kapatid na Branham, "Alam mo ba kung makakapunta ka?"] Baka narito ako mamayang gabi, rin. Oo, sa aking pagkakaalam, naririto ako maliban na tawagin ako sa kung saan man.

*Ang Iglesya At Ang Kalagayan Nito*
(*The Church And Its Condition*)
Agosto 5, 1956, Linggo Ng Umaga

*Makipot Ang Pintuan*
(*Strait Is The Gate*)
Marso 1, 1959, Linggo Ng Umaga

*Isang Iglesyang Nadaya Ng Sanlibutan*
(*A Deceived Church, By The World*)
Hunyo 28, 1959, Linggo Ng Umaga

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org